# 2

# Ang Bagong Batang Pinoy

# Filipino

## Kagamitan ng Mag-aaral

Yunit 4

DEPED COPY

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Ang Bagong Batang Pinoy – Ikalawang Baitang**
**Filipino - Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN: 978-971-9990-66-6**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral**

**Punong Tagapangasiwa:** Luz S. Almeda, Ph. D.; **Pangalawang Tagapangasiwa:** Rizalino Jose T. Rosales; **Lider:** Victoria R. Mayo; **Manunulat:** Nilda S. D. Garcia, Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, Estela C. Cruz; **Tagapag-ambag:** Aurora E. Batnag, Ma. Fe C. Balaba, Nelly I. Datur, Avizen C. Siño, Felix Q. Casagan, Ruby E. Baniqued, Nora C. Bernabe, Maribel R. Mendoza, Kristina L. Ballaran, Rechelle M. Meron; **Editor:** Arsenia C. Lara, Amaflor C. Alde; **Kasangguni:** Angelika D. Jabines; **Tagapagtala:** Ma. Cynthia P. Orozco; **Taga-anyo:** Christopher C. Artuz, Leonor Barraquias; **Tagapag-guhit:** Bernie John E. Isip at Francischarl S. Isip

**Inilimbag sa Pilipinas ng Rex Book Store, Inc.**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**

| | |
|---|---|
| Office Address: | 2nd Floor, Dorm G, PSC Complex<br>Meralco Avenue, Pasig City<br>Philippines 1600 |
| Telefax: | (02) 634 -1054 o 634 -1072 |
| E-mail Address: | imcsetd@yahoo.com |

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# PAUNANG SALITA

Kumusta ka na? Binabati kita at ikaw ay nasa Ikalawang Baitang na ng iyong pag-aaral!

Ang Kagamitang ito ay sadyang inihanda para sa iyo. Ito ang magsisilbing gabay mo para sa iyong pag-aaral ng asignaturang Filipino 2. Inaasahan na sa paggamit mo nito ay magiging aktibo ka sa talakayan sa loob ng klase at maipahahayag mo nang wasto at maayos ang iyong mga personal na ideya at karanasan kaugnay ng pinag-aaralan sa klase.

Ang mga babasahin at mga gawain dito ay isinaayos at pinili upang magkaroon ka ng maunlad na kasanayan sa pagsasalita, pakikinig, pagsulat, pagbasa, at panonood.

Ang mga aralin ay nahahati sa apat na yunit. Ito ay ang sumusunod:

Yunit I - Pagpapakatao at Pagiging Kasapi ng Pamilya

Yunit II - Pakikipagkapwa-Tao

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Yunit III - Pagmamahal sa Bansa

Yunit IV - Panginoon ang Sandigan sa Paggawa ng Kabutihan

Sa bawat aralin, ang sumusunod na gawain ay iyong masusubukan upang higit na mapagyaman ang iyong kakayahan.

**SUBUKIN NATIN** – Sa bahaging ito malalaman natin ang kakayahan at kasanayang abot-alam mo na. Ito ay gagawin sa unang araw ng bawat aralin o linggo. Huwag kang matakot sa pagsasagot sapagkat ito ay hindi makaaapekto sa iyong grado. Nais lamang nating malaman ang dati mong kaalaman o karanasan na may kaugnayan sa pag-aaralan.

**BASAHIN NATIN** – Babasahin mo ang mga tekstong sadyang isinulat para sa iyo upang matukoy o magkaroon ka ng ideya kung ano ang pag-aaralan mo sa buong linggo. Ang mga tekstong ito ay maaaring alamat, pabula, kuwentong bayan,

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

mga pantasya o likhang isip, at mga salaysay ayon sa karanasan ng mga ibang mag-aaral. Ito ang magiging susi upang higit mong maunawaan ang mga aralin natin. Huwag kang mabahala. Laging nakaagapay ang iyong guro sa lahat ng gagawin mo.

**SAGUTIN NATIN** – Dito susubukin nating malaman kung lubos mong naunawaan ang napakinggan o nabasa mong teksto.

**PAHALAGAHAN NATIN** – Sa bahaging ito, mauunawaan natin ang kagandahang asal at pag-uugali na nais ituro sa atin ng napakinggan o nabasang teksto.

**GAWIN NATIN** – Dito magkakaroon ka ng iba't ibang pagsasanay kaugnay ng aralin. Maaaring ito ay kasama ng iba mong kamag-aral o maaari din namang pang-isahang gawain.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**SANAYIN NATIN** – Dito magkakaroon ka ng pagkakataon na malinang lalo ang kasanayan sa napag-aralan kasama ang ibang pangkat sa pamamagitan ng mga karagdagang gawain.

**TANDAAN NATIN** – Sa bahaging ito, mababasa natin ang mga kaisipang dapat nating tandaan kaugnay ng araling tinalakay.

**LINANGIN NATIN** – Dito higit na papaunlarin ang kasanayan at kaalaman na natutunan sa natapos na aralin.

Sa pamamagitan din ng Kagamitang ito, nawa ikaw ay maging maka-Diyos, makatao, makakalikasan, at makabayang batang Pilipino.

Isang Bagong Batang Pinoy na handa sa mga pagbabagong dala ng kapaligiran at ng makabagong teknolohiya.

Maligayang pag-aaral sa iyo!

**MGA MAY AKDA**

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Talaan ng Nilalaman

### Yunit 4: Panginoon ang Sandigan sa Paggawa ng Kabutihan


**Aralin 1**: **Magtiwala sa Panginoon** .......... 378
Pang-ukol na **Ng**
Magtiwala sa Panginoon .......... 378
Halinang Gumawa ng Bagay na Mabuti .................. 382
Huwarang Magkapatid .......... 387
**Aralin 2**: **Paggalang sa Diyos at Kapwa** .... 390
Pang-ukol na **Ni** at **Nina**
Titser Gosoy ..................... 390
Ang Palalong Loro at si Askal ...... 395
**Aralin 3: Karapatan Mo, Igagalang Ko** ..... 406
Pang-ukol na **Kay** at **Kina**
Karapatan Ay Igalang ........... 407
Pangulong Corazon C. Aquino.... 410
**Aralin 4: Maging Huwaran sa Paningin ng Diyos** ............. 421
Pang-ukol na **Ayon Sa**
Manamit nang Angkop ........... 422
Ang Portfolio ni Cheska ........... 427
Gawing Gabay .................. 430
**Aralin 5: Ang Pag-ibig sa Kapwa Ay Pag-ibig sa Diyos** .............. 437
Pang-ukol na **para sa / para kay / kina**
Ako Ay para sa Iyo ............... 438
Si Bathala ...................... 441
**Ecosavers** para sa Kalikasan ...... 443
Mga Tuntunin sa Paggamit ng Silid-aklatan.............. 447


DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Aralin 6: Ang Diyos Ay Pasalamatan** . . . . . . . 450
Pang-angkop na **-Ng**
Dakilang Tagapag-ingat. . . . . . . . . . 451
Sumakit ang Tiyan ni Niknok . . . . . . . 462
**Aralin 7: Purihin ang Panginoon** . . . . . . . . . . . 466
Pang-angkop na **Na**
Ang Paglikha ni . . . . . . . . . . . . . . . . . 467
Pagpuri sa Iba't Ibang Paraan . . . . 474
Mga Hulog ng Langit . . . . . . . . . . . 478
**Aralin 8: Pag-ibig ng Diyos sa Tao at Bayan** . . . . . . . . . . . . . . . . . 483
Pang-angkop na **-g**
Ginintuang Butil . . . . . . . . . . . . . . . . . 483
Hello Pilipinas! Hello Buong Mundo! . . . . . . . . . 487
Nasaan ang Biyaya ng Tag-ulan? 490
**Aralin 9: Buhay at Kalikasan: Pahalagahan** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 497
Simuno at Panaguri
Pangalawang Buhay nina Otoy at Tinay . . . . . . . . . . . . 498
Paniningil ng Kalikasan . . . . . . . . . . . 503
Digital Daw! Ano Iyon? . . . . . . . . . . . 506

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Yunit 4

## Panginoon ang Sandigan sa Paggawa ng Kabutihan



**Pagmamahal sa bayan**
**ay ating pananagutan**
**Bilang mamamayang**
**may malasakit sa lipunan**
**Makibahagi at makisangkot**
**sa nagaganap sa kapaligiran**
**Nang kapayapaan at pagkakaisa**
**makamtan ng sanlibutan**



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 1: Magtiwala sa Panginoon




Sabihin kung ng o nang ang angkop sa bawat pangungusap.

1. Ang mga ibon ay kumakain ______ uod.
2. Nilipad _______ hangin ang mga papel.
3. Malakas kumain _______ saging ang unggoy.
4. Bumili kami _______ mababangong bulaklak.
5. Tanghali na _______ sila ay gumising.




**Magtiwala sa Panginoon**

| | |
|---|---|
| Von: | Itay! May aksidente po sa kanto. Marami pong nadamay at kasama si Betsy. Nakakatakot! |
| Tatay: | Naku! Huminahon ka, anak, ganyan talaga ang buhay, kaya dapat lagi tayong magdasal at magtiwala sa Panginoon. |
| Von: | Alam n'yo po, 'Tay, galit na galit si Mang Ambo sa pagkakadamay ni Betsy. |
| Tatay: | Nakapanlulumo, matalinong bata pa naman si Betsy. Halika, ipagdasal natin siya at ang iba pang nadamay. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano ang pinag-uusapan ng mag-ama?
- Ano ang ginawa nila?
- Bakit nila ipinagdasal ang mga naaksidente?
- Tama ba ang ginawa nila?
- Ano ang damdamin nila para kay Betsy?
- Ano-anong damdamin ang nasa usapan?





## Pahalagahan Natin

Ang pagdarasal para sa kapakanan ng kapwa ay isang mabuting gawain.



## Gawin Natin

Anong damdamin ang ipinakikita ng sumusunod na larawan sa Hanay A? Piliin ang letra ng sagot sa Hanay B.

| | |
|---|---|
| 1.  | A. nagagalit |
| | B. natatakot |
| 2.  | C. nagtataka |
| 3.  | D. natutuwa |
| 4.  | E. nalulungkot |

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Sanayin Natin

A. Tukuyin ang kasalungat ng ipinapakita sa bawat larawan. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| naglalakad | sumisigaw | sumasayaw |
| nagtatanim | nagdarasal | |


1


2

B. Ipakita sa klase ang damdamin na nadarama sa sumusunod na sitwasyon.


1. Nabigla si Lorena nang malamang nanalo siya sa patimpalak sa kagandahan.
2. Matinding paghanga ang naramdaman ni Rita sa magaling niyang guro.
3. Naiinip si Lito sa tagal ng paghihintay sa kaniyang ama.
4. Nalungkot si Vicky sa pagkamatay ng kaniyang lola.
5. Nanghinayang ang magkapatid na Ben at Pat dahil nahulog ang kanilang baon sa kanal.

C. Ano ang ipinahihiwatig ng bawat larawan?


1


2


3


4

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

- May iba't ibang damdamin tulad ng pagkatuwa, pagkalungkot, pagkagalit, panghihinayang, pagkainis, paghanga, at pagkagulat na maaaring makita sa isang teksto o sa isang pahayag na nabasa o napakinggan.
- Upang maibigay ang kasalungat ng isang salita, kailangang alamin muna ang kahulugan ng salitang bibigyan ng pagpapakahulugan.

## Linangin Natin

Hanapin sa pangungusap ang mga salitang kasingkahulugan ng salitang nasa loob ng panaklong.

1. (matatayog) Ang mga puno sa bundok ay matataas.
2. (nanlumo) Nanghina ang loob ng ama sa pagkamatay ng kaisa-isang anak.
3. (magiliw) Ang mga bisita ay masayang tinanggap ng mag-anak.
4. (silya) Nilinis ng mga mag-aaral ang kanilang upuan pagkatapos ng baha.
5. (maestra) Napakagaling ng aming bagong guro.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Halinang Gumawa ng Bagay na Mabuti



Nakagawa ka na ba ng kabutihan sa kapwa?

Ang paggawa ng bagay na mabuti sa kapwa ay katumbas ng pag-ibig sa Lumikha. Tumingin sa paligid at makikita mo na maraming nangangailangan ng iyong pagtulong at pagkalinga.

Masasabi ba natin na iniibig natin ang Lumikha kung ang ating kapwa ay hindi naman natin pinagmamalasakitan?

Ang paggawa ng kabutihan sa kapwa ay pagpapakita ng pagmamahal sa Lumikha.

Pero paano natin ito magagawa? Kapag sila ay nagugutom, bigyan natin sila ng pagkain. Kapag nauuhaw, sila ay ating painumin.

Ang pagtulong at pagkalinga sa kapwa ay hindi dapat naghihintay ng kabayaran o kapalit. Sapat na nakatulong tayo at napasaya ang Lumikha na nasa kapwa rin natin.

DEPED C




- Sino ang dapat mahalin at pagmalasakitan?
- Bakit dapat natin itong gawin?
- Paano natin matutulungan ang ating kapwa?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Sino ang matutuwa sa paggawa natin ng kabutihan sa kapwa?
- Sino ba ang iyong kapwa?



## Pahalagahan Natin

Ang paggawa ng kabutihan sa kapwa ay pagpapakita ng pagmamahal sa Lumikha.



## Gawin Natin

Ano-ano ang kaisipang natutuhan mo sa binasang teksto?



## Sanayin Natin

B. Sipiin at iwasto ang mga salitang may maling baybay.

> Ang mga bata ay dapat tinuturruan ng kanilang mga magulang ng pigawa ng mabuti sa kapwa. May kassabehan tayo na “kung anu ang puno ay siya ring bunga.” Kiya, kung mabote ang magolang, dapat mabuti rin ang ginagawa ng kanilang mga anak. Eng paggging mabuteng mga bata ay nagsisimola sa pattuturu ng mga magolang.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

C.Iguhit ang sinasabi ng katagang ito.

"Gawain ng magulang na alagaan ang anak at gawain naman ng anak na igalang ang mga magulang."



## Tandaan Natin

Ang pagsulat ng mga salita na may wastong baybay ay susi upang higit na maipahayag ang nais na mensahe. Ito rin ang isa sa mga susi sa madaling pagkaunawa ng isang babasahin.



## Linangin Natin

Isulat nang may wastong baybay ang tinutukoy sa bawat inilalarawan.

1. sinusulatan ng guro sa harap ng klase
2. dito nag-aaral ang mga bata
3. bahagi ng bahay na ating dinudungawan
4. gamit sa bahay kung saan tayo nanonood ng mga palabas
5. lugar kung saan namimili ng mga gulay at isda
6. tindahan ng mga gamot
7. kuwaderno sa Ingles
8. dinidilig ng tubig para lumago
9. kasingkahulugan ng tali

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

Basahing muli ang tekstong "Halinang Gumawa ng Bagay na Mabuti."



## Sagutin Natin

- Anong salita ang ginamit sa pag-uugnay ng mga salita sa teksto?
- Ano ang pinag-uugnay nito?
- Kailan ginagamit ang ng?
- Kailan ginagamit ang malalaking letra?



## Pahalagahan Natin

Ang pagtulong at pagkalinga sa kapwa ay hindi dapat naghihintay ng kabayaran o kapalit.



## Gawin Natin

Punan ng wastong pang-ukol ang patlang. Tukuyin kung ano ang salitang inuugnay nito.

1. Nakalikom kami ____ maraming basura para sa **Ecosavers Program** ng paaralan.
2. Nasanay na akong maglakad _____ dalawang kilometro tuwing araw ng Sabado.
3. Umupa kami ____ **computer** para sa proyekto ng aking kapatid na bunso.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Ang paglalakad ay mabuting uri _____ ehersisyo sa katawan ng tao.
5. Ang labis na panonood _____ telebisyon ay nakasasama sa kalusugan.




Isulat nang wasto ang mga salitang mali ang pagkakasulat sa bawat pangungusap.

1. ang hangin ay dumudumi dala ng polusyon sa ating paligid.
2. dumalaw si Pangulong benigno aquino III sa mga nasalanta ng bagyo.
3. Ang pagiging Makakalikasan ay tanda ng pagmamalasakit sa ating kapwa at kapaligiran.
4. disiplina ang kailangan upang umunlad ang pilipinas.
5. Bawat Tao ay may kani-kaniyang pagpapahalaga.




- Ang pang-ukol na **ng** ay ginagamit kapag ang salitang sumusunod dito ay isang pangngalan o kaya ay pangngalang-diwa at pang-uri.
- Ang **malaking letra** ay ginagamit sa pagsisimula ng mga salitang pangngalang pantangi o tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, pangyayari, at iba pa. Ginagamit din ito sa simula ng pangungusap.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin


Gamit ang ng, lagyan ng **caption** ang mga larawan.



1



2



3



4



5



## Basahin Natin

### Huwarang Magkapatid

Ang magkapatid na Alice at Luis ay huwarang mga bata. May oras sila sa paglalaro, pag-aaral, at sa pagtulong sa mga magulang. Tumutulong muna sila sa mga gawaing bahay bago maglaro. Sa gabi naman ay nag-aaral muna sila bago manood ng telebisyon. Dahil dito, ang kanilang mga magulang ay natutuwa sa kanila.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Sagutin Natin


- Bakit sinabi na huwarang bata ang magkapatid?
- Ano-anong katangian ng magkapatid ang dapat na tularan?
- Ano ang napansin mo sa mga pangungusap sa seleksiyon?
- Ano ang payak na pangungusap?

## Pahalagahan Natin

Ang mabuting bata ay kayamanan ng mga magulang.

## Gawin Natin

Bumuo ng mga payak na pangungusap mula sa mga larawan. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1


2


## Sanayin Natin

A. Sa isang payak na pangungusap, ilarawan ang isang bagay na makikita sa iyong kapaligiran.

DepED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Bumuo ng isang payak na pangungusap gamit ang mga larawan sa ibaba.





## Tandaan Natin

Ang payak na pangungusap ay nagsasaad ng isang diwa o kaisipan. Ito ay may isang **simuno** at **panaguri**.

## Linangin Natin

Gumuhit ng isang larawan na iyong nais. Sumulat ng isang payak na pangungusap tungkol dito.

## Sulatin Natin

Pumili ng isang pangungusap mula sa "Halinang Gumawa ng Bagay na Mabuti" at sipiin ito sa kabit-kabit na paraan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 2: Paggalang sa Diyos at Kapwa




Pumili ng isang salita mula sa kahon upang mabuo ang pangungusap.

| | |
|---|---|
| anim | pamuhatan |
| kasukdulan | simula |
| ni | tauhan |
| nina | wakas |
| ng | |

1. Ang mga nagsisiganap sa isang teksto ay ____.
2. Ang mga tauhan ay ipinakikilala sa ____ pa lamang ng isang teksto.
3. Ang bahagi ng sulat o liham na nagsasabi ng pinagmulan nito ay ang ______.
4. Binili ____ Nita ang magandang bag.
5. Si Marielle ay isinama ____ Betong at Cora sa kanilang pamamasyal.




### Titser Gosoy

Si Titser Gosoy ay bagong guro sa Paaralang Elementarya ng Barangay Labo. Nakatawag ng pansin ang kaniyang galing sa pagtuturo, kakaibang kulay, at paika-ikang paglalakad.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



Hindi niya pinapansin ang pangungutya sa kaniya. Tuloy lamang siya sa pagtuturo, pagtulong sa kapwa, at pamimigay ng gamit at laruan sa mga bata.

Isang araw, may ilang mag-aaral ang nagkuwentuhan tungkol kay Titser Gosoy.

"Alam n'yo ba, si Titser Gosoy, napakagaling magturo! Mabait pa," ang wika ni Noel.

"Tama ka, at nabasa ko sa diyaryo, iniligtas niya ang mahigit 400 katao sa Marikina noong nanalanta ang bagyong Ondoy," ang sabi ni Janet.

"Wow! Ang galing! Pero baluga pa rin siya," pangungutya ni Yulo.

"Huwag kang ganyan, Yulo! Maputi ka lang," pasinghal na wika ni Janet na halos tusukin ng hintuturo sa ilong si Yulo.

"Si Titser Gosoy! Nasa likuran natin," pabulong na wika ni Noel.

"Magandang umaga po, Sir Gosoy," sabay-sabay na bati ng mga bata.

"Bakit parang nakakita kayo ng multo? May problema ba?" tanong ni Titser Gosoy sa mga bata.

"Wa—wala po, Sir..." wika ni Janet.

"Narinig ko ang pinag-usapan ninyo," mahinahong wika ni Titser Gosoy.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Nagkatinginan ang mga bata saka ibinaling ang kanilang tingin kay Yulo.

"Kahit bata kayo, dapat matutuhan ninyo ang magagandang asal na dapat taglayin ng isang bata," paliwanag ni Titser Gosoy.

"Huwag kayong mangutya ng kapwa, anuman ang kasarian, kulay, kalagayan, o kapansanan. Isipin ninyo, tao silang marunong masaktan," seryosong sabi ni Titser Gosoy.

"Lahat ng tao ay likha ng Diyos, kaya dapat igalang," paliwanag pa niya.

Niyakap ni Yulo si Titser Gosoy. Ginantihan naman ito ng guro ng isang mahigpit na yakap.



## Sagutin Natin

- Ilarawan ang bawat tauhan sa kuwento.
- Sino ang dapat mong tularan sa mga bata? Ang hindi dapat tularan? Ipaliwanag ang sagot.
- Ano ang naramdaman mo habang binabasa at matapos basahin ang kuwento?
- Anong bahagi ng kuwento ang nakatawag ng iyong pansin? Bakit?
- Paano nagsimula ang kuwento?
- Paano ito nagwakas?



## Pahalagahan Natin

Igalang natin ang lahat ng tao anuman ang kanilang kasarian, kulay, at edad.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.





Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa teksto. Isulat ang bilang na 1-3 upang maipakita ito.

_____ Niyakap nang mahigpit ni Yulo si Titser Gosoy.
_____ Napag-usapan ng mga bata si Titser Gosoy.
_____ Narinig ni Titser Gosoy ang usapan ng mga bata.




A. Isulat sa palibot ng mukha ang iba't ibang katangian ni Titser Gosoy.



B. Ano-ano ang sinabi ng bawat isa?

- Janet
- Titser Gosoy
- Yulo
- Noel

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang isang **kuwento** ay binubuo ng **simula**, **gitna**, at **wakas**.

Sa **simula** ay karaniwang ipanapakilala ang mga tauhan at ang tagpuan kung saan nagaganap ang pangyayari.

Sa **gitna** naman o sa katawan makikita ang mga pangyayari sa kuwento.

Ang **wakas** ang nagpapakita kung paano nagtapos ang kuwento.



## Linangin Natin

Tukuyin ang sumusunod batay sa nabasang kuwento.

Pamagat ng Kuwento:

Tagpuan:

Mga Tauhan:

Simula:

Kasukdulan:

Wakas:

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Ang Palalong Loro at si Askal




Magkaiba ang karanasan nina Loro at Askal. Si Loro ay alagang-alaga ng kaniyang amo. Inaayusan at pinakakain siya ng amo. Maraming natutuwa sa kaniya at ibig humawak sa kabila ng palalo niyang bibig.

Si Askal ay walang nagpapaligo kaya galisin. Wala siyang amo kaya siya ay palaboy sa lansangan. Siya ay madalas sinisipa at pinandidirihan ng mga tao kaya lalong naging kawawa.

Minsan, namasyal ang mag-amo. Nakita niya si Askal.

"Ew! Kadiri! Maligo ka nga! Ang baho mo!" sigaw ni Loro kay Askal. Siniraan pa niya si Askal sa ibang mga hayop na nagdaraan.

Hindi siya pinansin ni Askal. Bagkus, tuloy lamang ito sa pagkakalkal ng basura dahil sa gutom.



Isang araw, nakita ng pusa si Loro at gustong kagatin. Tinangkang lumaban

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

ni Loro sa pusa ngunit mas malaki ito sa kaniya. Sinakmal siya ng pusa at iwinasiwas sa kalye.

"Aray ko! Masisira ang maganda kong balahibo!" sigaw ni Loro.

Mula sa isang dako ay biglang sumaklolo si Askal kay Loro.

"Aray ko! Kawawa naman ang balahibo ko. Salamat sa'yo, mabantot at galising aso," wika ni Loro.

"Nagpasalamat nga, nanlait naman!" naiinis na wika ni Askal sabay alis.

Bumalik ang galit na galit na pusa. Kinagat niya muli si Loro sa leeg, katawan, at sa buntot. Wala siyang nagawa kundi ang sumigaw hanggang sa mawalan ng malay.

Hindi matiis ni Askal si Loro kaya iniligtas niya ito sa kamay ng kamatayan.



Binantayan ni Askal si Loro hanggang magkamalay. Dinala niya ito sa tapat ng bahay ng kaniyang amo. Pinagsisihan ni Loro ang mga nagawa niya kay Askal at labis-labis ang pasasalamat niya kay Askal.



## Sagutin Natin

- Ano-ano ang pagkakaiba ng karanasan nina Loro at Askal?
- Ano ang katangian ni Loro? Ni Askal? Ng pusa?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Ano naman ang naramdaman mo sa inasal ng bawat isa sa kuwento?
- Ano ang natutuhan mo sa binasa?
- Paano mo ipakikita ang paggalang?
- Sino-sino ang dapat nating igalang?
- Makatotohanan ba ang binasa mo?




## Pahalagahan Natin

Igalang ang kapwa at pahalagahan ang iba pang nilikha ng Diyos. Matutong pagsisihan ang pagkakamaling nagawa sa kanila.



## Gawin Natin

A. Ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga akdang kathang-isip at hindi kathang-isip. Gamitin ang **Venn Diagram** upang maipakita ito.



B. Paghambingin ang mga kuwentong "Titser Gosoy" at "Ang Palalong Loro at si Askal."

| Si Titser Gosoy | Ang Palalong Loro at si Askal |
| --- | --- |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Paano mo ipakikita ang paggalang sa mga:

- may kapansanan
- nanay at tatay
- guro
- taong iba ang relihiyon




Ang **pabula** ay kuwento na ang gumaganap ay mga hayop. Ito ay kathang-isip lamang ngunit ang mga pangyayari ay maaaring mangyari sa tunay na buhay ng mga tao.




Subukang gumawa ng isang pabula.




Muling basahin ang kuwentong “Titser Gosoy.”




- Sino ang tumawag ng “baluga” kay Titser Gosoy? Tama ba ito?
- Anong ideya mo sa salitang “baluga?”
- Sino ang gumanti ng mahigpit na yakap kay Yulo?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Paano ipinahayag nina Noel, Nikki, at Janet ang kanilang mga damdamin?
- Ano naman ang mga salitang binitiwan ni Yulo tungkol kay Titser Gosoy?
- Anong klaseng damdamin ang ipinakita ni Yulo?
- Kung ikaw si Yulo, ano ang mararamdaman mo? Kung ikaw si Titser Gosoy?




Unawain ang damdamin ng kapwa at igalang ang pagkakaiba-iba ng mga nilalang ng Panginoon.




Punan ng tamang pang-ukol.

1. Dinampot ______Abet ang mga tuyong dahon upang gawing pataba sa mga halaman.
2. Malaki ang pag-asa _____ Matilde, Lumeng, at Tomas na muli nilang makikita ang kanilang nawawalang kapatid.
3. Iniabot _____ Mayor Panganiban ang kaniyang tulong sa mga namatayan niyang kababayan.
4. Hinihikayat _____ Direktor Angela de Guzman ang lahat ng empleyado na magtanim ng mga gulay sa paligid ng kanilang opisina.
5. Ikinagulat ______ Ed, Cynthia, Vicky, at Amcy ang pagkakatalaga kay Koko bilang bagong pinuno.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Sanayin Natin

A. Lagyan ng angkop na pang-ukol ang pangungusap tungkol sa larawan.

1. 

Niyaya ____ Mang Kanor sina Mang Abel at Mang Caloy na dumalo sa pagpupulong ng barangay.

2. 

Tinulungan ______ Lola Ising si Lola Bising na maalala ang kaniyang hinahanap.

3. 

Pinakinggan ____ Ben ang kaniyang kakambal na si Bert sa pagbabasa ng aklat.

4. 

Pinaalalahanan ____ Harmi si Amcy sa kanilang takda.

5. 

Pinaiyak ____ Ali ang batang lalaki.

B. Gamitin ang <u>ni</u> at <u>nina</u> sa sariling pangungusap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Ang **ni** ay ginagamit kung tumutukoy sa isang tao. Samantalang ang **nina** ay ginagamit kung ang isang bagay o kilos ay ginawa o para sa dalawa o mahigit pang tiyak na tao.

## Linangin Natin

Punan ng angkop na pang-ukol ang bawat patlang upang mabuo ang diwa ng talata.

Maagang gumising ang mag-anak na Lopez. Agad-agad na tinungo ___ Gng. Lopez ang kusina at ipinagluto ng agahan ang kaniyang pamilya. Samantala, si G. Lopez naman at ang tatlo nilang anak na sina Roy, Phoebe, at Ivy ay nag-ayos ng kanilang mga pinaghigaan.

Pagkatapos, kinuha ___ Ivy at Phoebe ang walis at bunot at agad na nagsimulang maglinis ng bahay. Pinuno naman ___ Roy ng tubig ang mga balde. Ikinatuwa ___ G. at Gng. Lopez ang kasipagan ng mga anak.

Nang matapos ang mga gawaing bahay ay nagyaya ang mag-asawa na mamasyal sa **mall**. Subalit hindi gusto ___ Ivy at Roy sa **mall**. Mas ibig nilang mamasyal sa tabing-ilog dahil sariwa ang hangin dito. Pinagbigyan ____ G. at Gng. Lopez ang gusto ng dalawang anak. Ginusto na rin ___ Phoebe na sumama sa tabing-ilog.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

Blk. 1 Lot 7 Villa
Concepcion I
Lungsod ng Marikina
Agosto 20, 2012

Mahal kong Lucy,

Kumusta ka, aking kaibigan?

Alam mo, Lucy, natutuwa ako kasi pinuri ako ni Gng. Cruz, ang aking **homeroom adviser**, dahil mataas ang grado ko sa pagsusulit. Sumang-ayon din si Bb. Roman, guro ko naman sa Matematika. Baka raw sa susunod na taon kapag nasa ikatlong baitang na ako ay nasa Pangkat 1 na ako.

Darating nga pala sa paaralan namin si Kong. Delfin Bendal, makakasama namin siya sa Araw ng Pagbasa.

Darating din si Pang. Noynoy at mga Muslim na mag-aaaral mula sa Mindanao para sa sabay-sabay na pagbasa.

Abangan mo sa telebisyon ang aming pagbabasa, ha. Tiyak, isa itong karanasan na hindi ko malilimutan.

Ang iyong kaibigan,
Loradel

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Sino ang sumulat ng liham?
- Sino ang sinulatan?
- Saan nagmula ang liham?
- Ano ang nilalaman ng liham?
- Paano sinimulan ang liham?
- Paano ito tinapos?
- Hanapin ang mga salitang dinaglat.
- Paano mo ito babasahin?
- Bakit natin dinadaglat ang mga ito?



## Pahalagahan Natin

Ipadama natin nang lubos ang pagmamahal at pag-alala sa ating mga mahal sa buhay.



## Gawin Natin

Gamitin sa sariling pangungusap.

- Bb.
- Dr.
- Gng.
- Brgy.
- Peb.
- Ave.
- G.
- Pang.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

A. Daglatin.

| | | |
|---|---|---|
| Ginang | Doktor | Kapitan |
| Ginoo | Kagawad | Baranggay |
| Binibini | Kongresista | Pebrero |
| Pangulo | Nobyembre | Avenue |

B. Isulat ang tsek (√) sa patlang kung ang salita ay bahagi ng liham pangkaibigan at ekis (X) kung hindi.

___ a. petsa
___ b. kuwaderno
___ c. pasyalan
___ d. bating panimula
___ e. bating pangwakas
___ f. papel
___ g. katawan ng liham
____ h. pamuhatan
____ i. koreo
____ j. lagda
____ k. talata
____ l. pangungusap
____ m. tao
____ n. kaibigan

DEPED COPY



## Tandaan Natin

- Ang **pagdadaglat** ay isang paraan ng pagpapaikli ng mga salita. Ginagamit ang tuldok pagkatapos paikliin ang salita.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Ang **liham pangkaibigan** ay may iba't ibang bahagi. Sa pamuhatan makikita ang petsa at tirahan ng sumulat. Sa bating panimula naman makikita ang pangalan ng sinulatan. Sa katawan ng liham mababasa ang nilalaman o mensahe na nais iparating ng sumulat. Ito ay nagtatapos sa bating pangwakas at pangalan o lagda ng sumulat.



## Linangin Natin

Sumulat ng isang liham pangkaibigan.



## Sulatin Natin

Isulat ang sagot sa tanong sa paraang kabit-kabit.

Bakit tayo sumusulat ng isang liham?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 3: Karapatan Mo, Igagalang Ko




Sabihin kung **Tama** o **Mali** ang sumusunod na pangungusap.

1. Ang <u>kay</u> at <u>kina</u> ay mga pang-ukol.
2. Ang kay ay ginagamit sa isang tao.
3. Ang kina ay ginagamit sa dalawa o higit pang bilang ng tao.
4. May mga salitang kilos na ginagamit bilang pangngalan.
5. Ang salitang pagsasayaw ay salitang kilos.
6. Ang salitang pagmamahal ay hindi nagpapakita ng kilos.
7. May iba't ibang paraan sa pagbuo ng mga bagong salita.
8. Ang pangungusap na nagsasalaysay ay nagkukuwento ng mga pangyayari.
9. Mahalaga ang pagkuha ng mga impormasyon sa binasa.
10. Mababago ang kahulugan ng salita kapag napalitan ang isang tunog nito.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Narito ang isang patalastas.

## Karapatan Ay Igalang



Bunso: Inay! Ano po ba ang kahulugan ng karapatan? Narinig ko kina **Ma'am** Sol at **Sir** Daniel, may karapatan daw po ang bawat bata.

Nanay: Tama iyon, anak. Ang karapatan ay dapat tinatamasa. Karapatan ng bata na maranasan ang pangangalaga at pagmamahal ng mga magulang, mapag-aral, at mabigyan ng disenteng tirahan.

Ate: Tama, Inay! Ayon naman kay Titser Marissa, kalakip daw ng karapatan ang responsibilidad at paggalang sa karapatan ng kapwa. Kung may karapatan tayo, may karapatan din ang kapwa natin na dapat igalang.

Tatay: Magaling! Nakikinig ka talaga sa guro mo. Nagmana ka kina Lolo at Lola mo, a!

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ate: Opo, 'Tay, matalino yata ito. Nagmana kina Lolo at Lola, at sa inyo rin ni Nanay.

Tatay: Tandaan ninyo, mga anak, kung karapatan ninyong mabigyan ng disenteng tirahan, pagmamahal at edukasyon, obligasyon at responsibilidad din ninyong igalang kami bilang mga magulang.

Bunso at Ate: Opo, Tay, Nay! Makaaasa po kayo, igagalang namin kayo!

Bawat tao ay may karapatan, responsibilidad, at pananagutan.

Ang **infomercial** na ito ay hatid sa inyo ng Human Rights Commission at ng himpilang ito.




- Ano ang tinalakay sa patalastas?
- Ano-ano ang karapatan ng mga bata?
- Ano ang kaakibat ng karapatan?
- Paano natin maipakikita ang paggalang sa karapatan?
- Ano-anong salita ang nagpakita ng kilos?
- Paano ito ginamit sa pangungusap?
- Ano ang tawag sa mga salitang ito?




Dapat nating igalang ang karapatan ng bawat isa.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Gamit ang dayagram, ibuod ang **informercial** sa sariling pananalita.





## Sanayin Natin

Itala ang ilang impormasyon na napakinggan mo sa patalastas sa radyo o sa telebisyon.



## Tandaan Natin

May mga pandiwang ginagamit bilang pangngalan sa pangungusap. Ito ang siyang paksa o pinag-uusapan sa pangungusap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




A. Tukuyin ang mga pandiwa na ginamit bilang pangngalan sa pangungusap.

1. Ang paglalakad ay isang mabuting ehersisyo.
2. Ang pagdarasal ay isang magandang gawain.
3. Ang labis na panonood ng telebisyon ay masama sa kalusugan.
4. Ang pagpapasalamat ay dapat nating inuugali.
5. Ang paglilinis ng paligid ay nakatutulong para mawala ang mga lamok na nagdadala ng sakit.

B. Magsalaysay ng isang karanasan na napakinggan mula sa kaklase tungkol sa paggalang niya sa kaniyang magulang o sa nakatatanda sa kaniya.




## Pangulong Corazon C. Aquino



Si Corazon C. Aquino ay ika-11 Pangulo ng Pilipinas. Siya ang kauna-unahang babaeng namuno sa bansa. Siya ay mas kilala sa tawag na "Tita Cory."

Ipinanganak siya noong ika-25 ng Enero, 1933. Napangasawa niya si dating

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Senador Benigno "Ninoy" Aquino, Jr. at biniyayaan sila ng limang anak na sina Balsy, Viel, Pinky, Noynoy, at Kris.

Isinulong ni Tita Cory ang "Comprehensive Agrarian Reform Program" na nagbibigay ng lupa sa mahihirap na magsasaka. Itinaguyod din niya ang pagiging maka-Diyos ng mga Pilipino. Ipinakita niya ito sa pamamagitan ng pagiging madasalin at madalas na paglapit sa Diyos.

Higit sa lahat, siya ang naging daan upang maibalik ang kalayaan ng mga Pilipino na magsalita at maipahayag ang kanilang damdamin. Dahil dito, naging simbulo ni Tita Cory ang dilaw na laso na tanda rin ng kalayaan.

Si Tita Cory ay tinaguriang "Ina ng Demokrasya" sa bansa. Ang kaniyang mga nagawa ay nagpapakita na siya ay isang babaeng uliran, may kakayahan, at karapat-dapat na igalang.



**Sagutin Natin**

- Paano inilarawan ang dating pangulo ng bansa?
- Bakit siya minahal ng mga Pilipino?
- Paano mo siya tutularan?
- Ano-anong impormasyon ang nakuha mo sa teksto?

DepED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Dapat nating igalang ang karapatan ng kababaihan.





## Gawin Natin

A. Tukuyin kung paano nabago ang unang salita upang mabuo ang pangalawang salita.

bawas-bawal
labo-labi
iwas-bawas
buhay-uhay
kulay-buhay


B. Punan ng wastong tunog / letra ang bawat patlang upang makabuo ng isang panibagong salita. Gamiting gabay ang larawan.

| Salita | Bagong Salita | Larawan |
|---|---|---|
| awas | a__as |  |
| oto | o__ o |  |
| pasa | __asa |  |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | | |
|---|---|---|
| bata | bat__ |  |
| buhay | b__hay |  |
| saklay | s__klay |  |
| galis | __alis |  |



## Sanayin Natin

Balikan ang teksto tungkol kay Pangulong Aquino. Sabihin ang paksa ng bawat talata.

Talata 1 ______________________________

Talata 2 ______________________________

Talata 3 ______________________________

Talata 4 ______________________________

Talata 5 ______________________________

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

- Ang **paksa** ay siyang pinag-uusapan sa isang talata o sa isang teksto.
- Ang pagpapalit, pagbabawas at pagdaragdag ng tunog sa isang salita ay paraan upang makabuo ng isang bagong salita.



## Linangin Natin

A. Bumuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagbabawas o pagpapalit ng isang tunog ng sumusunod na salita.

| | |
|---|---|
| - bango | - pakay |
| - bigo | - salita |
| - gulay | - suha |
| - luho | - suhol |
| - luto | - tula |

B. Sabihin kung ano ang paksa o pinag-uusapan sa bawat pangungusap.

1. Ang pangangalaga sa kapaligiran ay dapat na itinuturo sa mga bata.
2. Maraming paraan ng pagtulong sa kapwa, hindi lamang pagbibigay ng limos.
3. Ang batang masunurin ay kinagigiliwan ng kaniyang mga magulang maging ng ibang mga tao.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

Muling basahin ang tekstong "Karapatan Ay Igalang." Pansinin ang mga salitang may salungguhit.

## Sagutin Natin

- Ano ang napansin mo sa mga salitang may salungguhit?
- Ano ang tawag dito?
- Kailan natin ito ginagamit?

## Pahalagahan Natin

Alamin natin ang ating mga karapatan upang ito ay ating maitaguyod at mapangalagaan.

## Gawin Natin

A. Punan ng wastong pang-ukol.

1. Ibinigay ko ___ nanay ang mga sariwang gulay.
2. Binili ni Tita Celsa ang pulang payong para ___ Susan at Nerie.
3. Nalaman ko ___ Nonoy na walang pasok bukas.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Nagtungo kami ___ lolo at lola noong araw ng Pasko.
5. Hiningi namin ___ Tiyo Loloy ang kanilang mga lumang damit.



## Sanayin Natin

Una at Ikalawang Pangkat – Magsalaysay ng isang karanasan sa pagdiriwang ng bagong taon.

Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Magsalaysay ng isang karanasan sa pagdiriwang ng kaarawan.

Ikalimang Pangkat – Magbigay ng tatlong pangungusap na ginamitan ng pang-ukol na kay at tatlong pangungusap na ginamitan ng pang-ukol na kina.



## Tandaan Natin

Ang pang-ukol na **kay** ay ginagamit kapag ang isang kilos o bagay ay tungkol sa iisang tiyak na tao lamang.

Samantala, ang pang-ukol na **kina** ay ginagamit kung ang bagay o kilos ay tungkol sa dalawa o mahigit pang tiyak na tao.


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Linangin Natin

Gamit ang <u>kay</u> at <u>kina</u>, bumuo ng isang simpleng kuwento tungkol sa mga larawan.




## Basahin Natin

Muling basahin ang talambuhay ng dating Pangulong Corazon C. Aquino.

## Sagutin Natin

Ano sa  mga nagawa ni Pangulong Corazon C. Aquino ang naibigan mo?




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Dapat nating pahalagahan ang ating pamilya at ang ating kapwa.

## Gawin Natin

A. Ibigay ang tamang impormasyon tungkol sa iyong sarili.


Pangalan:____________________
Gulang:____________________
Araw ng kapanganakan:__________
Lugar kung saan ipinanganak:______
Pangalan ng Tatay:______________
Pangalan ng Nanay:______________
Tirahan ng magulang:____________
Mga pangalan ng mga kapatid:____
Baitang na pinag-aaralan:__________
Mga hilig na gawain:______________
Mga pangarap:__________________
Mahalagang pangyayaring
hindi mo malimutan:_________

B. Sabihin sa pangungusap ang kasagutan sa Gawain A.

Halimbawa:

Ako ay si Maria C. Rivera. Ako ay pitong taong gulang. Ako ay ipinanganak noong ika-9 ng Agosto, 2006.




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

A. Gawan ng isang maikling talambuhay ang mapipiling kamag-aral. Gamitin ang mga datos na makukuha gamit ang patnubay na makikita sa larawan.






## Tandaan Natin

Ang **talambuhay** ay isang akda na nakapaloob ang mahahalagang bagay at impormasyon sa buhay ng isang tao. Isinusulat ito sa paraang nagsasalaysay.

Sa pagsusulat ng talambuhay, tiyakin na tama o wasto ang mga impormasyong ilalagay rito.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

B. Balikan ang binuong pangungusap tungkol sa iyong sarili. Palitan ang panghalip na **ko, ako,** at **akin** ng **si, siya,** at **kaniya**.

Halimbawa:

**Ako** si Maria C. Rivera.
**Siya** ay si Maria C. Rivera. (binago)
**Ako** ay pitong taong gulang.
**Siya** ay pitong taong gulang. (binago)
**Ako** ay ipinanganak noong ikasiyam ng Agosto, 2006.
**Siya** ay ipinanganak noong ikasiyam ng Agosto, 2006. (binago)



## Sulatin Natin

Isulat sa kabit-kabit na paraan.

| |
|---|
| Ang talambuhay ay isang akda na nakapaloob ang mahahalagang bagay at impormasyon sa buhay ng isang tao. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 4: Maging Huwaran sa Paningin ng Diyos




Sabihin kung **Tama** o **Mali** ang sumusunod na pangungusap.

1. Ang salitang hampaslupa ay tambalang salita.
2. Ang salitang bahay kubo ay hindi tambalang salita.
3. Ang tambalang salita ay may bagong kahulugan.
4. Ang pagbaha ay bunga ng hindi tamang pagtatapon ng basura at pagpuputol ng mga puno.
5. Ang pagbibigay ng hinuha ay nakatutulong sa pag-unawa ng tekstong binabasa.
6. Ang mga pangyayari sa paligid ay may dahilan.
7. Ang salitang hari ay halimbawa ng tambalang salita.
8. Ang ayon sa ay ginagamit kapag ang isang pahayag ay galing sa isang tao.
9. Ang ayon sa ay ginagamit kapag ang sinisipi ay pahayag ng isang tao.
10. Ang paggamit ng tamang bantas ay kailangan sa pagbibigay ng panuto.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



**Basahin Natin**

# Manamit nang Angkop

Sa kanilang barangay, kilala si Dindin. Kung tutuusin, marami siyang magagandang katangian. Masipag, matulungin, at maaasahan siya sa mga gawain. Sa kanilang klase ay isa siya sa mga nangunguna dahil sa kaniyang angking katalinuhan at kakayahan sa pagkanta, pagsayaw, at pagguhit. Ngunit ang lahat ng ito ay hindi napapansin ng mga tao. Mas napagtutuunan kasi nila ng pansin ang pananamit ni Dindin.

Noong piyesta, ang lahat ng bata ay abalang-abala sa pagsali sa mga palaro. Si Dindin ay handang-handa rin sa pagsali at pagkamit ng unang gantimpala. Sa lahat ng kaniyang sinalihan – palo  sebo, agawan-buko, at maging takbuhan – ay hindi siya nanalo ngunit natawag naman ang pansin ng lahat dahil sa kaniyang magandang bestida na suot pero hindi angkop sa pagsali sa mga palaro. Sinabihan siya ng namamahala ng palaro na maaari siyang magpalit ng damit o sumali na lang sa iba pang laro tulad ng hampas-palayok. Hindi ito sinunod ni Dindin. Gusto kasi niya na maganda ang kaniyang kasuotan sa oras na manalo siya.

Palaging tawag-pansin ang suot ni Dindin dahil hindi ito angkop sa okasyon. Sa  pagpunta sa pagsamba, si Dindin ay magsusuot pa rin ng gusto

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

niya na hindi tama. Pinagsasabihan siya ng kaniyang magulang pero patuloy pa rin ito sa gusto niya. Maging nang dumalaw sila sa isang yumaong kaibigan ng kaniyang magulang, hindi pa rin angkop ang suot niya.

Minsan, may paligsahan na sasalihan ang kanilang klase. Nagkasundo ang lahat na isuot ang simpleng puting t-shirt at pantalong maong. Katulad ng inaasahan ng lahat, dumating si Dindin na suot ay pulang t-shirt na may makintab pang dekorasyon.

Sinabihan siya ng kaniyang mga kamag-aral na hindi siya maaaring sumali dahil mali ang kaniyang kasuotan. Umiyak si Dindin at nagsumbong sa guro. Pinagsabihan siya ng kaniyang guro na si Bb. Batobalani na kung gusto niya talagang sumali, kailangang sumunod siya sa napagkasunduan.

Dahil mas matimbang ang pagnanais ni Dindin na sumali sa paligsahan, napilitan siyang isuot ang damit na inihanda pala ng kaniyang mga kamag-aral. Sa kanilang mahusay at sabayang pagbigkas, hindi kataka-taka na nanalo ng unang gantimpala ang kanilang klase.

Noon naunawaan na ni Dindin na hindi naman pala kailangang kakaiba palagi ang kaniyang kasuotan. Ang mahalaga ay angkop ito sa okasyon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano ang mga nais na isuot ni Dindin?
- Paano nagbago ang kaniyang pananamit?
- Ano ang dapat isuot kung nasa paaralan? Sa simbahan? Sa pamamasyal? Sa bahay?
- Dapat bang iayon sa okasyon ang ating kasuotan? Bakit?
- Saan pa natin dapat iniaangkop ang ating kasuotan?
- Ano-anong tambalang salita ang ginamit sa teksto?
- Ano-anong salita ang bumubuo rito?
- Ano ang ibig sabihin ng bawat salitang bumubuo rito?
- Ano ang nangyari sa mga kahulugan ito?



## Pahalagahan Natin

Ang pagsusuot ng kasuotang angkop sa okasyon ay tanda ng paggalang sa sarili at sa ibang tao.



## Gawin Natin

A. Bumuo ng tambalang salita gamit ang mga inihandang salita.

| | | | |
|---|---|---|---|
| kayod | takip | kapit | bahag |
| balat | silim | hari | sibuyas |
| takip | bahay | kalabaw | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Ibigay ang posibleng dahilan kung bakit nangyari ang sumusunod na mga sitwasyon.

a. Pagkatalo ni Dindin sa mga palaro noong piyesta
b. Pagpapahayag ni Bb. Batobalani tungkol sa pagsunod sa napagkasunduan
c. Pagdadamit ni Dindin nang angkop at wasto sa okasyon



## Sanayin Natin

A. Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na tambalang salita. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.

1. silid-aralan
2. balik-aral
3. kapitbahay
4. bantay-salakay
5. kambal-tuko

B. Sabihin kung ano ang maaaring ibunga ng sumusunod na sitwasyon.

1. hindi natutulog nang maaga
2. hindi kumakain ng gulay
3. hindi nagdarasal
4. matigas ang ulo
5. nagkakalat ng basura

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

May mga salitang kapag pinagsama ay nagkakaroon ng bagong kahulugan na iba sa dating kahulugan. **Tambalang salita** ang tawag dito.



## Linangin Natin

A. Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy ng tambalang salita sa Hanay A. Isulat ang letra ng iyong sagot.

| **A** | **B** |
|---|---|
| 1. kapit-tuko | a. taong galing sa ibang bansa |
| 2. bahay-kubo | b. taong kalapit ang bahay |
| 3. takip-silim | c. papalubog na ang araw |
| 4. kapitbahay | d. bahay na yari sa kubo |
| 5. balik-bayan | e. mahigpit ang pagkakakapit |

B. Tukuyin sa Hanay B ang maaaring dahilan ng mga pangyayari sa Hanay A.

| **A** | **B** |
|---|---|
| 1. Natakot ang bata | a. naglalaro ng posporo |
| 2. Lumagong halaman | b. nagdidilig ng halaman |
| 3. Nasusunog na bahay | c. nagkakabit ng ilaw |
| 4. Natuwa ang magulang | d. magalang na bata |
| 5. Lumiwanag ang bahay | e. tinahulan ng aso |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Ang Portfolio ni Cheska

Masunurin ang pamilya ni Cheska. Sinusunod nila ang mga batas. Kahanga-hanga silang huwaran ng mga tao sa bayan. Dahil huwaran ang kanilang pamilya, inspirado si Nimfa na gumawa ng isang **portfolio** tungkol sa gawain ng kaniyang pamilya.

Ngunit biglang nagkasakit si Nimfa kaya tinuruan niya ang kapatid na si Cheska na ituloy ang paggawa ng **portfolio.**

“Halika, Cheska, ituturo ko sa iyo kung paano gawin ang **portfolio**,” sabi ni Nimfa.



“Sige, Ate, turuan mo ako. Gusto ko iyan,” tuwang-tuwang wika ni Cheska.

“Una, kumuha ka ng iba’t ibang larawan ng ating pamilya na may kinalaman sa pagiging masunurin.”

“Ikalawa, kumuha ka ng isang lumang magasin. Dikitan ang bawat pahina ng malinis na bond paper.”

“Ikatlo, hatiin ang mga pahina sa iba’t ibang bahagi tulad ng pasasalamat, talaan ng nilalaman, larawan ng buong pamilya, gawain ng buong pamilya, at mga pangarap at kahilingan ng pamilya.”

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

"Ikaapat, pagsasama-samahin ang mga larawan kung saan ito maaaring ilagay saka ito idikit."

"Ikalima, lagyan ng **caption** ang mga larawan, buuin ang pasasalamat at talaan ng nilalaman."

"Panghuli ay dagdagan ito ng iba pang dekorasyon na gusto mo," paliwanag ni Nimfa.

"Ang galing naman, Ate! Sige sisimulan ko na!" wika ni Cheska.

Sinimulang sundin ni Cheska ang itinuro ng kapatid. Pagkalipas ng dalawang araw ay nagulat ang lahat sa ipinakitang **portfolio** ni Cheska. Tuwang-tuwa ang buong pamilya sa ginawang **portfolio** ni Cheska. Naipakita nito ang pagkakasundo-sundo ng buong pamilya. Dahil sa tuwa, kinuhanan ng kaniyang Kuya Alex ng larawan ang **portfolio**.

"Ipinagmamalaki ka naming, anak. Isa kang hulog ng langit sa amin," wika ni Nanay Perla.

"Ang galing mo, anak! Salamat sa Diyos at isa kang batang matalino, malikhain, at masunurin," wika ng ama ni Cheska na si Mang Ben.

"Salamat din po sa inyo Itay, Inay, Kuya Alex, at Ate Nimfa dahil tinuruan niya ako ng paggawa ng **portfolio**. Maraming salamat din po sa Panginoon," mahinahong sabi ni Cheska.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



## Sagutin Natin

- Anong uri ng pamilya mayroon si Cheska?
- Ano ang dahilan kung bakit inspirado si Nimfa na gumawa ng **portfolio**?
- Kung ikaw si Nimfa, tuturuan mo rin ba ang iyong kapatid na gumawa ng **portfolio**? Bakit?
- Isa-isahin ang mga paraan sa paggawa ng **portfolio**.
- Kung ikaw si Cheska, gagawin mo rin ba ang sinabi  ng kaniyang ate? Bakit?
- Ano ang iyong nararamdaman kapag nakagawa ka ng isang kapaki-pakinabang na bagay?
- Ano kaya ang kinahinatnan kung hindi sinunod ni Cheska ang mga sinabi ng kaniyang ate?



## Pahalagahan Natin

Ugaliing sundin ang mga panuto na ibinigay sa atin upang maging madali at maayos ang ating mga gawain.



## Gawin Natin

Ibigay ang  panuto kung paano gumawa ng isang kard.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Kasama ang pangkat gumawa ng panuto sa paggawa ng isang bangkang papel.



## Tandaan Natin

Upang maging tama ang isang gawain, laging sundin ang mga panuto sa paggawa nito.



## Linangin Natin

Gumawa ng isang **portfolio** sa tulong ng mga panutong sinunod ni Cheska.



## Basahin Natin

**Gawing Gabay**

Ayon sa Kawikaan 22:6 -"Turuan mo ang bata sa daan na kaniyang dapat lakaran upang kung tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan."

Ayon sa Gintong Aral - "Huwag mong gawin sa iyong kapwa, ang bagay na ayaw mong gawin sa iyo."

Ayon kay Dr. Jose P. Rizal - "Ang kabataan ay pag-asa ng bayan."

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




- Ano ang sinasabi ng bawat pahayag?
- Ano ang maidudulot kung susundin natin ito?
- Alin ang naibigan mong gabay?
- Bakit mo naibigan?
- Paano mo ito isasabuhay?
- Pansinin ang mga may salungguhit na salita.
- Paano ito ginamit?
- Kailan ginamit ang bawat isa?
- Bakit "Gawing Gabay" ang pamagat ng akda?




Sundin natin ang mga pangaral ng Banal na Aklat at ng mga nakatatanda upang hindi tayo maligaw ng landas.




A. Bilugan ang angkop na parirala upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. (Ayon sa, Ayon kay) matatanda, ang Panginoon ay tinatawag din nilang Bathala.
2. (Ayon sa, Ayon kay) Apo Lakay, hindi dapat ipagwalang bahala ang sakit na nararamdaman.
3. (Ayon sa, Ayon kay) pag-aaral, ang mga Pilipino ay lahing maka-Diyos.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. (Ayon sa, Ayon kay) bansang Amerika, nakahanda silang tumulong sa mga nasalanta ng bagyo.
5. (Ayon sa, Ayon kay) Tito Lito, tatlo ang kaniyang anak na magtatapos sa elementarya.

B. Sipiin ang sumusunod na talata.
Bilugan ang mga salitang payak.
1. Ang linis ng paligid.
2. Nasa itaas ng aparador ang hinahanap mo.
3. Sundin natin ang utos ng mga magulang.

Ikahon ang tambalang-salita.
4. Anak-pawis ang aking mga magulang.
5. Nagsisimba kami tuwing madaling-araw ng Linggo.

DEPED COPY



## Sanayin Natin

Pangkatin ang sumusunod na salita. Ilagay ito sa kahong dapat kalagyan.

| | |
|---|---|
| ganda | bahaghari |
| sigaw | araw |
| awit | hari |
| ama | anak |
| anak-araw | hampaslupa |

| Payak | Tambalang Salita |
|---|---|
| | |
| | |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang pang-ukol na **ayon sa** ay ginagamit kapag ang siniping pahayag o impormasyon ay mula sa isang tiyak na aklat, pahayagan, at iba pa.

Samantala, ang **ayon kay** ay ginagamit kung ang pinagkuhanan ng pahayag o impormasiyon ay isang tiyak na tao.



## Linangin Natin

1. Sumulat ng limang pangungusap na ginamitan ng pang-ukol na <u>ayon sa</u>.
2. Isulat ang payak na anyo o kayarian ng sumusunod na salita.

| | | |
|---|---|---|
| awitan | kulayan | kumain |
| nagdarasal | nagsayawan | payuhan |
| sumulat | tulugan | tumakbo |



## Basahin Natin

Basahing muli ang tekstong “Gawing Gabay.”

DEPED C



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano-anong bantas ang ginamit sa teksto?
- Kailan ginagamit ang bawat isa?



## Pahalagahan Natin

Ang mga kasabihan ay maaaring gawing gabay sa ating paniniwala, pamumuhay, at paggawa.



## Gawin Natin

A. Hanapin at iwasto ang hindi tamang paggamit ng malaking letra sa talata.

Ang pamilya Peralta ay pamilyang masunurin sa utos ng panginoon. ang pamilya Peralta ay binubuo ng limang kasapi. Ang tatay ay si mang carlo, ang ina ay si Aling virgie, at ang mga anak ay sina Lucy, Dan, at niknok. ang pamilya peralta ay nakatira sa bilang 7 daang talahib, barangay Concepcion, malabon. ang kanilang mag-anak ay madalas makita na sumasamba at namimigay ng tulong sa mga nangangailangan kaya sila ay kinagigiliwan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Lagyan ng tamang bantas ang sumusunod na pangungusap.


1. Naku nahulog ang bata sa duyan
2. Ang mundoy hugis bilog
3. Kumain ka na ba
4. Aray napakasakit ng ulo ko
5. Magdasal tayo bago kumain




Una at Ikalawang Pangkat – Bumuo ng tatlong pangungusap na hindi ginamitan ng tamang bantas.

Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Iwasto ang ginawa ng una at ikalawang pangkat.

Ikalimang Pangkat – Suriin kung tama ang pagkakagamit ng malalaking letra ng ikatlo at ikaapat na pangkat.




- Ang **malaking letra** ay ginagamit sa mga tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, buwan, at sa pagsisimula ng pangungusap.
- Ang karaniwang bantas na ginagamit ay tuldok (.), tandang padamdam (!), tandang pananong (?), kudlit (‘), at kuwit (,). Ginagamit ito para sa mabisang pagpapahayag ng damdamin o kaisipan.




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang **tuldok** ay sa hulihan ng pangungusap na pasalaysay o pautos. Ang **tandang pananong** ay sa pangungusap na nagtatanong. Ang **kuwit** ay sa pansamantalang paghinto. At ang **tandang padamdam** ay para sa pagpapahayag ng matinding damdamin.


## Linangin Natin

A. Sumulat ng reaksiyon sa larawan. Gumamit ng tamang bantas at angkop na pananalita.

1



2



B. Sabihin kung **Mali** o **Tama** ang pagkakasulat.

1. Maria Dela Rosa
2. Pusa
3. sta. Clara
4. Naku? gumuho ang lupa!
5. Aray! Kinagat ako ng lamok.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 5: Ang Pag-ibig sa Kapwa Ay Pag-ibig sa Diyos




Isulat sa sagutang papel ang **T** kung **tama** at **M** kung **mali** ang pahayag.

1. Ang pang-ukol na <u>para sa</u> ay ginagamit kapag ang pinag-uukulan ng isang bagay o kilos ay hindi tiyak na tao.
2. Ang karanasan natin ay hindi maaaring iugnay sa ating binasa.
3. Kailangang mapanatili ang katahimikan sa loob ng silid-aklatan.
4. Ang pagsunod sa panuto ay makatutulong upang maging tama ang ginagawa.
5. Ang pangungusap ay nagsisimula sa malaking letra at maaaring nagtatapos sa tuldok, tandang padamdam, o tandang pananong.
6. Higit na magandang pakinggan kung nakabibigkas tayo nang may tamang bilis, ekspresyon, lakas ng boses, at tamang galaw ng katawan.
7. Bumasa nang malakas sa loob ng silid-aklatan upang mahasa sa pagbasa.
8. Kumuha ng aklat kahit walang paalam sa namamahala sa silid-aklatan.
9. Masasagot nang tama ang binasa kung nauunawaan ang binasa.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

### Ako Ay para sa Iyo

Ako ay batang matalino.
Nag-iisip at gumagawa ng bagay na matino.
Para sa kapwa, para sa iyo,
O! Mahal na kamag-aral ko.



Tanggapin mo ang lapis na ito.
Tulong ko’y maaasahan mo.
Kahit ika’y Muslim, O! Mamerto.
Dapat tandaan, ilagay sa puso
Pag-ibig sa kapwa ay pagmamahal
sa Dakilang Lumikha at relihiyong totoo.
Ito ang dapat matutuhan ng batang <u>bibo</u>.

## Sagutin Natin

- Ano ang katangian ng batang nagsasalita sa tulang binasa?
- Paano niya ipinakita ang pagmamahal at pagmamalasakit sa kaibigan?
- Tama ba ang kaniyang ginawa?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Ang ginawa natin sa kapwa ay ginawa na rin natin sa Dakilang Lumikha.



## Gawin Natin

- Anong uri ng akda o teksto ang binasa?
- Ilang linya ang bumubuo sa tulang binasa?
- Ano ang taludtod?
- Ano ang pagkakaiba ng tula sa ibang mga teksto?

Gamitin sa sariling pangungusap ang sumusunod na salita mula sa tula.

1. bibo
2. matalino
3. bathala
4. matino
5. relihiyon



## Sanayin Natin

Una at Ikalawang Pangkat – Bumuo ng panibagong pamagat ng tula at ipaliwanag kung bakit ito ang ginawang pamagat.

Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Magtala ng mga bagay na natutuhan sa tula.

Ikalima at ikaanim na Pangkat – Bumuo ng tatlong tanong batay sa tula.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Upang maunawaang mabuti at makatugon nang wasto sa isang teksto, kailangang sundin ang sumusunod:

1. Unawaing mabuti ang binabasa.
2. Makinig nang mabuti sa nagbabasa ng teksto.
3. Alamin ang kahulugan ng mga mahihirap na salita.
4. Magtanong sa guro o sa kamag-aral o sa nakatatanda kung may hindi naiintindihan o nauunawaan.
5. Maaari ding tingnan sa diksiyunaryo ang kahulugan ng mga salitang mahirap unawain.



## Linangin Natin

Basahin ang seleksiyon at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

"Napakasarap ng pakiramdam kapag nakatutulong tayo sa kapwa," ito ang masayang sabi ni Aling Nilda.

"Tama ka riyan, mayroon nga tayong kasabihan na mas mabuti ang nagbibigay kaysa tumatanggap," ang masuyong sagot ng asawang si Mang Dan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

"Sana, Itay, Inay, lahat ng tao gayundin ang gagawin," wika ni Tessa sabay yakap sa mga magulang.

- Ano ang pinag-uusapan ng pamilya?
- Ano ang damdamin ng mga tauhan sa kuwento?
- Ano ang pinagkakaisahan nila?




**Si Bathala**

Si Bathala ay ang Poong Lumikha.
Lahat ng mga bagay na makikita natin
Sa ating kapaligiran ay Kaniyang regalo sa atin.
Siya rin ang nagbigay sa atin ng buhay.
Sa pagtitiwala sa Kaniya, tayong mga tao ay pinagpapala.




- Sino si Bathala?
- Ano-ano ang regalo Niya sa atin?
- Paano natin masusuklian ang Kaniyang kabutihan sa atin?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

May iba't ibang paraan ng pasasalamat at pagpupuri sa Dakilang Lumikha.

## Gawin Natin

Basahin ang pahayag na may tamang lakas ng boses, tamang ekspresiyon, katamtamang bilis ng pagsasalita, at angkop na galaw ng katawan.

> Sa mga biyayang tinatanggap, laging pasalamatan ang Dakilang Lumikha.

DEPED COPY

## Sanayin Natin

Basahin ang tula nang may wastong bigkas, lakas ng boses, at katamtamang bilis.

## Tandaan Natin

> Ang **mabisang pagpapahayag** ay maaaring gawin sa tamang lakas ng boses, tamang ekspresyon, katamtamang bilis ng pagsasalita, at angkop na galaw ng katawan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Linangin Natin

A. Suriin ang isang talata mula sa diyaryo. Sabihin kung paano nagsimula at nagtapos ang mga pangungusap.

B. Isulat ang mga salitang hindi nauunawaan sa talata.

## Basahin Natin

### Ecosavers para sa Kalikasan




Ang **Ecosavers** ay isang programang inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon para sa kapaligiran. Ginawa ito upang turuan ang mga bata na magmalasakit sa kalikasan para sa ikagaganda ng paligid, at para sa kaligtasan ng mga mamamayan.

Bahagi ng programang ito ang paglimita sa paggamit ng plastik, pag**re-recycle** ng mga bagay-bagay, at pagtatanim ng mga halaman at puno sa paligid at paaralan.

Ilan lamang ito sa mga ginagawa sa programang **Ecosavers** para sa pagpapabuti ng ating kalikasan upang mabuhay tayo nang masigla at matiwasay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Para sa Kagawaran, isa itong dakilang gawain. Para sa mga bata, isa itong nakatutuwang gawain. Para sa mga magulang, isa itong paraan upang magturo sa pamamagitan ng halimbawa. Para sa mga Pilipino, ito ay isang pagkakawanggawa para sa kalikasan.



## Sagutin Natin

- Bakit inilunsad ang **Ecosavers**?
- Ano-ano ang gawain sa ilalim ng programang ito?
- Ano ang layunin ng programang ito?
- Paano ka makatutugon sa **Ecosavers**?
- Ano ang bunga nito sa iba't ibang sektor ng lipunan?



## Pahalagahan Natin

Pangalagaan ang kalikasan ngayon upang magkaroon ng maayos na kinabukasan.



## Gawin Natin

A. Sipiin mula sa teksto ang mga pangungusap na ginamitan ng pang-ukol na para sa.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Sundin ang panuto sa ibaba upang makabuo ng isang panibagong bagay mula sa lumang diyaryo.

1. Gupit-gupitin ang mga lumang diyaryo, basain ng tubig, at haluan ng nilutong gawgaw.
2. Dikdikin nang maigi ang binasang papel at haluin ng haluin hanggang sa lumapot.
3. Kapag malapot na ito, ilagay sa mga hulmahan na ibig mo.
4. Patuyuin sa sikat ng araw.




Una at Ikalawang Pangkat – Isagawa ang sumusunod na panuto.

Paggawa ng Bookmark

1. Kumuha ng isang papel na parihaba.
2. Isulat sa loob ng papel ang "Mahal ko ang Dakilang Lumikha."
3. Kulayan ng dilaw ang buong parihaba.

Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Sundin ang panuto.

1. Pumila nang maayos.
2. Ilagay ang kanang kamay sa tapat ng iyong dibdib.
3. Isigaw mo nang malakas: "Mula ngayon susunod na ako sa utos ng Dakilang Lumikha!"

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang **para sa** ay ginagamit kapag tumututukoy sa sa isang kilos o bagay ng hindi tiyak na pangngalan.

Ang **para kay** ay ginagamit sa isang tiyak na ngalan ng tao.

Ang **para kina** ay ginagamit sa dalawa o higit pang ngalan ng tao.



## Linangin Natin

Tukuyin ang angkop na pang-ukol sa pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng panaklong.

1. Bumili ako ng bulaklak (para kay, para sa) mga yumao naming kamag-anak.
2. Nagdala si Itay ng isang kilong mangga (para sa, para kay) buong pamilya.
3. (Para sa, Para kay) Roy, Justin, at May ang mga regalong ito.
4. (Para sa, Para kay) sambayanan ang ginagawa naming kabutihan.
5. Nag-aaral kaming mabuti (para kay, para sa) aming magandang kinabukasan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

### Mga Tuntunin sa Paggamit ng Silid-aklatan

1. Ihanda ang iyong ID, kuwaderno, at panulat.
2. Humingi ng papel mula sa tagapamahala ng silid-aklatan at isulat ang eksaktong pamagat ng aklat na nais hiramin at ang may-akda nito.
3. Ibalik ang papel na sinulatan sa tagapamahala at hintayin ang aklat na hinihiram.
4. Tanggapin ang aklat at magpasalamat.
5. Humanap ng lugar na mapagbabasahan.
6. Buhatin nang tahimik ang upuan upang hindi makalikha ng ingay at makaabala sa ibang nag-aaral.
7. Huwag pupunitin o susulatan ang aklat na hiniram.
8. Mag-aral nang tahimik.



## Sagutin Natin

- Ano-ano ang dapat gawin bago pumunta sa silid-aklatan? Habang nasa silid-aklatan?
- Paano manghihiram ng aklat?
- Bakit kailangang maging tahimik sa loob ng silid-aklatan?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

### Pahalagahan Natin

Igalang ang mga nag-aaral sa silid-aklatan sa pamamagitan ng hindi paggawa ng anumang ingay.

### Gawin Natin

Humiram ng isang aklat sa silid-aklatan. Gumawa ng payak na pangungusap tungkol sa binasang aklat.

### Sanayin Natin

Itala ang mga aklat na nahiram at nabasa mula sa silid-aklatan.

### Tandaan Natin

Ang **silid-aklatan** ay isa sa mahahalagang silid sa paaralan. Dito makikita ang iba't ibang uri ng babasahin na makatutulong sa ating pag-aaral.

Kailangang sundin natin ang mga tuntunin sa paggamit nito upang mapangalagaan ang mga babasahing narito at mapakinabangan pa ng mas maraming bata.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


## Linangin Natin

A. Bumuo ng dalawang payak na pangungusap sa bawat larawan.

1




2



B. Kumuha ng isang aklat. Tukuyin ang nilalaman nito batay sa pabalat.

## Sulatin Natin

Isulat ang sagot sa kabit-kabit na paraan.

Paano makatutulong ang **internet** sa pagtuklas ng mga kaalaman?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 6: Ang Diyos Ay Pasalamatan




Isulat ang **T** kung tama ang isinasaad sa pangungusap at **M** kung mali.

1. Ang japorms ay isang pormal na salita.
2. Isa sa halimbawa ng salitang balbal ay datung.
3. Ang ng ay isang pang-angkop.
4. "Bumili kami ng magarang damit."
   Ang salitang may pang-angkop sa pangungusap ay damit.
5. Ang salitang ginoo ay halimbawa ng pormal na salita.
6. Ang isang kuwento ay maaaring bigyan ng mambabasa ng sariling wakas.
7. Ang pakikilahok sa talakayan ay maaaring gawin sa paraang malikhain.
8. Ang pang-angkop na -ng ay ginagamit sa mga salitang nagtatapos sa patinig.
9. Dapat maunawaan na ang wika ay may iba't ibang antas ng pormalidad.
10. Ang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento ay mahalaga.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



**Basahin Natin**

## Dakilang Tagapag-ingat

Nakaupo si Sophie sa balkonahe ng kanilang bahay at napapangiti siya na parang nag-iisip. Napansin siya ng nakatatandang kapatid na si Kule.

"Sophie, ang ganda naman ng ngiti mo! Bakit ka masaya?" tanong ni Kule.

"Kuya Kule, naaalala ko lang sina Inay at Itay. Pauwi na sila ngayon. Pagkagaling sa palengke, susunduin ni Itay si Inay sa opisina...at magkahawak kamay silang maglalakad," paliwanag ni Sophie sa kapatid.

"O, e, ano naman? Bakit ka nangingiti riyan?" tanong ni Kule.

"Nakatutuwa kasi sila. Tapos, titingnan ni Inay ang mga pinamili ni Itay– ang malalaking hipon, mabeberdeng gulay, mapupulang mansanas, manggang hilaw– hay!!! Kaya lang—," biglang nalungkot na wika ni Sophie.


"Bakit bigla kang nalungkot? Hindi ba dapat matuwa ka kasi matitikman mo na naman ang paborito mong manggang hilaw?" wika ni Kule.

"Kasi naman kuya, sabi ni Tatay maraming masasamang tao ngayon sa lansangan at sa palengke. May mga jologs na magnanakaw, taong epal, at mga buraot. Nalulungkot ako, ayokong mapahamak sina Inay at Itay sa kanilang pag-uwi," matamlay na sabi ni Sophie.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



"Sophie, nakalimutan mo ba ang sabi ni Itay at ni Inay? Magtiwala tayo palagi kay Apo. Si Apo ang mag-iingat sa kanila," paalala ni Kule.

"Salamat Kuya, at ipinaalala mo sa akin. Halika humiling tayo kay Apo na ingatan sina Inay at Itay," masayang wika ni Sophie.

Umusal ng dasal ang magkapatid  kay Apo na dakilang tagapagligtas. Pagkatapos nito ay masayang  naghintay ang magkapatid sa kanilang mga magulang.

Pagkalipas ng ilang sandal, mula sa bintana ng bahay ay natanaw ng magkapatid ang paparating na mga magulang na sina Mang Ruben at Aling Milay. Dahil ligtas na nakauwi ang mga ito, nagpasalamat muna ang magkapatid kay Apo bago tuluyang bumaba ng bahay para salubungin ang ama't ina.





- Bakit masaya si Sophie?
- Bakit  bigla siyang  nalungkot?
- Ano ang ipinaalala ng kaniyang Kuya Kule?
- Ano-ano ang laging dalang pasalubong nina Itay at Inay? Sino si Apo?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Tama ba ang ginawa ng kaniyang kuya na ipaalala ang pagtitiwala sa Apo?
- Ano ang mga damdamin na nasa kuwento?
- Paano ipinakita ang mga damdamin na ito?
- Ano ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento? Ilahad gamit ang mga larawan sa ibaba.




- Ano ang gusto mong maging wakas ng kuwento?

## Pahalagahan Natin

Laging magtiwala at magpasalamat sa Apo na Dakilang Tagapagligtas.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

A. Isulat ang bilang ng bawat pangungusap ayon sa tamang pagkakasunod-sunod nito sa kuwento.

1. Natatanaw sa bintana ang paparating na mag-asawang Ruben at Milay.
2. Masayang nakadungaw sa bintana si Sophie.
3. Nagdasal kay Apo ang magkapatid.
4. Biglang nalungkot si Sophie.
5. Yumakap ang magkapatid sa mga magulang.

B. Alalahanin ang isang palabas na napanood sa telebisyon. Bigyan ito ng sariling wakas.



## Sanayin Natin

A. Isulat ang simula, gitna, at katapusan ng kuwentong binasa.

B. Humanap ng kapareha. Ikuwentong muli ang binasang akda.

C. Gamitin ang **rubrics** sa ibaba upang pahalagahan ang ginawang pagkukuwento ng iyong kapareha.

| | | |
|---|---|---|
| 5 | – | napagsunod-sunod ang mga pangyayari |
| 4 | – | may nakaligtaang isang pangyayari |
| 3 | – | may dalawa o tatlong pangyayaring nakaligtaan |
| 2 | – | kalahati ng kuwento ang nasabi |
| 1 | – | halos walang nasabi |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Unawaing mabuti ang tekstong binabasa o pinakikinggan upang maisalaysay ito nang tama at nang may wastong pagkakasunod-sunod.

Sa ganito ring paraan, maiuugnay natin ito sa dating kaalaman at karanasan at makapagbibigay ng angkop na wakas.



## Linangin Natin

A. Lagyan ng sariling wakas ang isang kuwentong nabasa mula sa Kagamitan ng Mag-aaral na ito. Tukuyin ang pamagat nito.

B. Lagyan ang bawat pangungusap ng ☆ kung simula, ☆☆ kung gitna, at ☆☆☆ kung wakas ng kuwentong binasa.

1. Sinalubong ng magkapatid ang mga magulang.
2. Nagdasal sina Sophie at Kule.
3. Biglang nalungkot si Sophie.
4. Natutuwa si Sophie habang nakadungaw sa bintana.
5. Pinaalalahanan ni Kule ang kapatid.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

Muling basahin ang akdang **“**Dakilang Tagapag-ingat.”



## Sagutin Natin

- Ilarawan ang mag-asawang Ruben at Milay.
- Ilarawan ang magkapatid na Kule at Sophie.
- Ano ang ibig sabihin ng mga salitang nabilugan?
- Kailan ito ginagamit?
- Sino ang gumagamit nito?
- Kung gagamitin ang pormal na salita para sa mga ito, ano ang magiging bagong pangungusap natin?



## Pahalagahan Natin

Ang pamilyang nagtitiwala sa Diyos at nagkakaisa ay nagiging malayo sa tukso at disgrasya.



## Gawin Natin

Isadula ang sumusunod na sitwasyon:

Unang pangkat – Magpakita ng isang usapan na may gamit na mga salitang balbal.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ikalawang pangkat – Magpakita ng isang dula-dulaan na nagpapakita ng paggamit ng pormal na pananalita.




Ibigay ang katumbas ng mga pormal na salita sa balbal nitong anyo.

| **Pormal** | **Balbal** |
|---|---|
| pera | |
| asawa | |
| dalaga | |
| bahay | |
| pulis | |




Ang **wika** ay may iba't ibang antas ng paggamit. Kailangang piliin natin ang wasto at angkop na salita na gagamitin para sa iba't ibang pagkakataon at lugar.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Isulat ang **P** kung ang salita ay pormal at **BL** kung ito ay balbal.

_____ 1. haligi ng tahanan
_____ 2. datung
_____ 3. tsakarote
_____ 4. bana
_____ 5. dalasang
_____ 6. tsikot
_____ 7. pulis
_____ 8. bolpen
_____ 9. silid
_____ 10. bulad
_____ 11. ina
_____ 12. Apo
_____ 13. sasakyan
_____ 14. kubyertos
_____ 15. karaniwan
_____ 16. jologs
_____ 17. panulat
_____ 18. kuwarta
_____ 19. jejemon
_____ 20. daing



## Basahin Natin

Basahin nang malakas.

Nakatutuwa kasi sila. Tapos, titingnan ni Inay ang mga pinamili ni Itay – ang malalaking hipon, mabeberdeng gulay, mapupulang mansanas, manggang hilaw– hay!!! Kaya lang—," biglang nalungkot na wika ni Sophie.

"Bakit ka biglang nalungkot, Sophie? Hindi ba dapat matuwa ka kasi matitikman mo na naman ang paborito mong manggang hilaw?" wika ni Kule.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

“Kasi naman kuya, sabi ni Tatay maraming masasamang tao ngayon sa lansangan at sa palengke. May mga jologs na magnanakaw, taong epal, at mga buraot. Nalulungkot ako, ayokong mapahamak sina Inay at Itay sa kanilang pag-uwi,” matamlay na sabi ni Sophie.



## Sagutin Natin

- Ano-ano ang pinamalengke ni Itay?
- Ano ang tawag sa katagang -ng?
- Kailan ginamit ang katagang -ng?
- Tukuyin ang mga parirala sa binasang teksto na may pang-angkop na -ng.



## Pahalagahan Natin

Ang pag-aalala sa magulang ay pagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit sa kanila.



## Gawin Natin


A. Magbigay ng limang (5) pangungusap na ginamitan ng pang-angkop na -ng.


DEPED COPY





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


B. Bumuo ng mga pangungusap na may pang-angkop na -<u>ng</u> batay sa mga larawan.


1



2


3


4


5


6


7


8




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Punan ng wastong pang-angkop ang patlang upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

Dumating na mula Hongkong ang Tita ko ___ mabait at maganda. Hindi kami magkamayaw ng aking kapatid sa pagbubukas ng mga regalo ___ pasalubong niya. Ang sa akin ay manika ___ de susi, abaniko ___ maganda, at damit na magara. Ang sa kapatid ko nama'y bola ___ kulay pula, iba't iba ___ robot, at pantalong gusto ___ gusto niya. Halos sabay kaming nagpasalamat kay Tita.



## Tandaan Natin

Ang **pang-angkop** ay katagang nag-uugnay sa panuring at salitang tinuturingan.

Ang pang-angkop na **-ng** ay ginagamit sa pag-uugnay ng salita upang maging madulas ang bigkas nito. Ito ay ginagamit kapag ang salitang iuugnay ay nagtatapos sa patinig.

Kapag ang salitang iuugnay ay nagtatapos sa n, ito ay inaalis at dinaragdagan na lamang ng **-g**.


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Linangin Natin

Gumawa ng mga pangungusap tungkol sa larawan. Huwag kalimutang gamitin ang pang-angkop na natutuhan.



## Basahin Natin

### Sumakit ang Tiyan ni Niknok

Naimbitahan si Niknok sa ikapitong kaarawan ni Owen. Napakaraming handang pagkain. Hindi mapigilan ni Niknok ang pagtikim ng iba't ibang pagkain. Dahil dito, nakalimutan niyang maghugas ng kamay.

Sarap na sarap si Niknok sa mga pagkaing nasa plato niya. Hindi na rin niya inintindi ang mga kaibigan na naroon din sa kaarawan.

Ilang saglit lang ay naubos na niya ang pagkain sa kaniyang plato. Kumuha ulit siya ng tatlong **hotdog**, isang pinggang **spaghetti**, dalawang **barbecue**, at isang hiwa ng **cake**.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Napailing na lamang si Aling Lyn, sa ginawa ni Niknok. Mayamaya, nabilaukan si Niknok kaya nataranta si Aling Lyn sa pagkuha ng tubig na maiinom ni Niknok.

Tapos nang kumain ang lahat ay nanghingi pa rin si Niknok ng **leche flan**, **marshmallow**, at **ice cream** kaya siya ang tanging batang naiwan na kumakain.



Sa kaniyang paglabas ng bahay nina Owen, biglang sumakit ang kaniyang tiyan at hindi niya ito masabi.

Hindi siya nagpahalata sa kaniyang naramdaman. Nang malapit na siya sa kanilang bahay ay bigla siyang nagsuka. Nahirapan siyang huminga at hindi niya maipaliwanag ang kaniyang pakiramdam. Naisuka na niya ang lahat ng kaniyang kinain ngunit tila ayaw pa ring tumigil ang pagsakit ng kaniyang tiyan.




- Ilarawan si Niknok.
- Dapat ba siyang tularan?
- Ano-ano ang ginawa ni Niknok?
- Nagustuhan kaya ito ng mga taong nasa pagdiriwang?
- Ano ang kinalabasan ng mga inasal ni Niknok?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Bakit niya ipinaglihim ang kaniyang nararamdaman?
- Ano ang magiging wakas ng kuwento?



### Pahalagahan Natin

Kumain lamang ng tamang dami ng pagkain.



### Gawin Natin

A. Pumili ng kapareha. Pag-usapan kung ano ang nagustuhan mo sa tekstong binasa.

B. Pumili ng panibagong kapareha at pag-usapan kung ano ang hindi mo nagustuhan sa teksto. Ipaliwanag kung bakit hindi mo ito nagustuhan.



### Sanayin Natin

Isulat ang tsek (✓) kung payak ang pangungusap at ekis (×) kung hindi.

___ 1. Matipuno ang tatay ko.
___ 2. Nagsuka si Niknok.
___ 3. Maghugas ng kamay bago kumain.
___ 4. Magpasalamat sa Diyos bago at matapos kumain.
___ 5. Nagluluto ang nanay habang siya ay naglalaba.

DepEd COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Ang payak na pangungusap ay may isang paksa. Ito ay may isang simuno at panaguri.

## Linangin Natin

Bumuo ng tatlong payak na pangungusap tungkol sa larawan .



## Sulatin Natin

Sumulat ng isang talata na may limang pangungusap tungkol sa isang napuntahang kaarawan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 7: Purihin ang Diyos




Sagutin ng **Oo** o **Hindi** ang sumusunod.

1. Angkop ba ang ibinigay na mensahe sa larawan?



Naghahanda ang mga tao upang hindi masalanta ng paparating na bagyo.

2. Ang mga salitang matatag at matibay ba ay magkasingkahulugan?
3. Ang mga salitang malinis at marumi ba ay magkasalungat ang kahulugan?
4. Sa pangungusap na "Toneladang basura ang dahilan ng pagbaha sa lungsod," ang sanhi sa pahayag ay pagbaha sa lungsod.
5. Sa pangungusap na "Nilikha ng Diyos ang tao upang mangalaga sa mga nilikha Niya," ang bunga sa pahayag ay nilikha ng Diyos ang tao.
6. Ang pang-angkop na na ay ginagamit na pamalit sa pangalan ng tao.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

7. Ang pang-angkop na na ay sumusunod sa mga salitang nagtatapos sa patinig.
8. Si pangulong Benigno S. Aquino III ay pumunta sa Amerika upang dumalo sa pulong ng mga pinuno. Ang salitang pangulo sa pangungusap ay dapat nagsisimula sa malaking letra.

## Basahin Natin

### Ang Paglikha



Si Apo ang Dakilang Lumikha ng lahat ng bagay sa mundo. Siya ang makapangyarihan sa lahat. Ginawa Niya ang lahat ng bagay na nakikita at maging hindi nakikita ng ating mga mata.

Sa unang araw, nilikha Niya ang liwanag at dilim at tinawag niya itong araw at gabi.

Sa ikalawang araw ay ginawa Niya ang langit at lupa. Inihiwalay Niya ang lupa sa karagatan.

Sa ikatlong araw, ang malawak na kalupaan ay pinasibulan niya ng sari-saring mga pananim. Sa ikaapat na araw, nilikha Niya ang araw, buwan, at

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

mga bituin na kumikislap sa kalangitan upang magbigay ng liwanag.

Sa ikalimang araw, binigyan ni Apo ng buhay ang lahat ng mga hayop na makikita sa katubigan, kalupaan, at maging mga nilalang na lumilipad sa himpapawid.

Sa ikaanim na araw, nilikha niya ang tao, at nilalang Niya sila na lalaki at babae at pinangalanan Niyang Adan at Eba. Nilikha Niya ang tao upang mangalaga sa Kaniyang mga nilikha.

Sa pagsapit ng ikapitong araw, nakita ni Apo ang lahat ng Kaniyang nilikha na napakabuti. Binasbasan Niya ito at saka Siya nagpahinga.

Dahil sa kapangyarihan Niya, ang lahat ng Kaniyang nilikha ay nananatili hanggang sa panahon ngayon. Dahil sa Kaniyang kabutihan at kadakilaan, dapat Siyang palaging pasalamatan at papurihan.




- Tungkol saan ang binasa?
- Ano-ano ang nilikha ni Apo?
- Bakit Niya nilikha ang mga tao?
- Bakit Niya ibinigay sa mga tao ang lahat ng Kaniyang nilikha?
- Nagagawa pa ba sa ngayon ng mga tao ang mga tungkulin na inaatang sa kaniya ng Dakilang Lumikha?
- Paano ka makatutulong sa pangangalaga ng ating kapaligiran?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Dapat mahalin at pangalagaan ang lahat ng nilikha. Dapat magpasalamat at papurihan ang Dakilang Lumikha dahil sa Kaniyang mga biyaya.

## Gawin Natin


Pag-aralan ang sumusunod na salita. Ibigay ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga ito.

| Salita | Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| dakila | | |
| gabi | | |
| himpapawid | | |
| kabutihan | | |
| buhay | | |
| kumikislap | | |
| papurihan | | |


## Sanayin Natin

Ibigay ang mensahe ng sumusunod na larawan.

1



2




DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3



4





## Tandaan Natin

**Magkasingkahulugan** ang dalawang salita kung magkapareho ang kanilang kahulugan.

Samantala, **magkasalungat** naman ang mga salita kung ang kanilang kahulugan ay magkaiba.



## Linangin Natin

A. Isulat ang **K** kung magkasingkahulugan ang pares ng salita at isulat ang **L** kung hindi.

_______ 1. liwanag at dilim
_______ 2. araw at gabi
_______ 3. tao at hayop
_______ 4. nilikha at ginawa
_______ 5. babae at lalaki


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Ibigay ang mensahe sa bawat larawan.


1



2



3



C. Ibigay ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga salita.

| Salita | Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| mainit | | |
| mataas | | |
| mahaba | | |
| maluwag | | |
| mataba | | |



**Basahin Natin**

Muling basahin ang kuwentong "Ang Paglikha ni Apo."

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Sagutin Natin

Iguhit at kulayan ang mga nilikha ng Diyos sa bawat araw ng isang linggo.

## Pahalagahan Natin

Alagaan natin ang mga nilikha ng Diyos para sa atin.

## Gawin Natin

Tukuyin sa bawat pangungusap ang kahulugan ng salitang nasa kahon.

| | |
|---|---|
| mapalad | 1. Pinagpala ang mga batang nakapaglalaro sa ilalim ng mga puno. |
| wagas | 2. Ang pagmamahal ng Diyos sa ating lahat ay tapat. |
| nais | 3. Layunin ng Diyos na tayo ay magkaisa. |
| ginawa | 4. Ang mga nilikha ng Diyos ay kahangahanga. |
| payapa | 5. Tahimik ang buhay kung lahat ay magmamahalan. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Isakilos ang mga maaaring ibunga ng pagiging masipag sa pag-aaral.

Ikalawang Pangkat – Isulat sa papel ang sanhi at bunga ng pagtatapon ng basura sa kung saan-saan.

Ikatlong Pangkat – Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na salita at gamitin sa pangungusap.

1. maginhawa
2. purihin
3. sangkatauhan



## Tandaan Natin

Maaaring gamitin ang pariralang **dahil sa** o salitang **kasi** sa paglalahad ng sanhi. Maaari nating gamitin ang salitang **kaya** sa paglalahad ng bunga.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

A. Pagmasdan ang larawan. Isulat sa papel ang sanhi at ibubunga ng mga ito.











## Basahin Natin

### Pagpuri sa Iba't Ibang Paraan

Purihin ang Diyos na makapangyarihan
Pasalamatan ang Bathala na lumikha ng sanlibutan
Alayan, purihin sa iba't ibang paraan
Ibandila, itaas ang Kaniyang kadakilaan
Hiyaw at sigaw na malakas dahil sa katuwaan
Awitan ang matamis na pangalan
Sumayaw, umindak sa Kaniyang harapan
Tumula, gumuhit ng mga larawan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Umarte, idisenyo ang Kaniyang kabutihan
Gawang mabuti, ipangaral Kaniyang kasulatan
Maglaan ng oras para sa Kataas-taasan
Halinang magpuri sa Dakila Niyang pangalan
Laging alalahanin, buhay ay may hangganan.



## Sagutin Natin

- Sino ang dapat purihin? Bakit?
- Ibigay ang iba't ibang paraan ng pagpuri sa Diyos ayon sa tula.
- Alin sa mga binanggit na paraan ng pagpuri sa Diyos ang gusto mong subukan? Bakit?
- Paano ginamit ang pang-angkop na na sa tula?



## Pahalagahan Natin

May iba't ibang paraan upang papurihan at dakilain ang Ama na makapangyarihan sa lahat.



## Gawin Natin

A. Tukuyin ang pang-angkop na ginamit.
1. Ang magaling na bata ay si Marielle Angeles.
2. Mabilis na lumabas ng silid si Andrei Cruz.
3. Napagod sa kasasayaw ang bata na aming nakita.
4. Palay na luntian ang aming nakita sa pag-uwi sa probinsiya.
5. Bundok na mataas ang inakyat ni Marvin.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Punan ng wastong pang-angkop ang patlang upang mabuo ang pangungusap.

1. Ang matatayog ___ puno sa kagubatan ay huwag putulin.
2. Ang mga lumalangoy ___ isda sa karagatan ay magandang pagmasdan.
3. Ang ginawa ng Diyos ___ pagpapahinga ay tularan natin.
4. Ang nakatanim ___ binhi ay unti-unting tumutubo.
5. Ang mga alaga ___ hayop ni Kris ay matataba.



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Lagyan ng angkop na pang-angkop ang sumusunod. Gamitin din ito sa pangungusap.

1. masarap - ulam
2. sikat - mang-aawit
3. araw - maulan
4. tahimik - bansa
5. masipag - magsasaka

Ikalawang Pangkat – Basahing mabuti ang mga pangungusap. Tukuyin ang parirala na may pang-angkop.

1. Sina Eba at Adan ang mga unang tao na nilikha ng Diyos.
2. May mga hayop na mababait at mababangis.
3. Ang itinanim na mga puno ay malalago na ang dahon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Maraming insekto sa malawak na gulayan ni Mang Filo.
5. Walang sawang dinidilig ni Elda ang malulusog na halaman sa paso.

Ikatlong Pangkat – Gumawa ng isang diyalogo na ginagamitan ng pang-angkop na na.

Ikaapat na Pangkat – Magpakita ng maikling dula-dulaan tungkol sa mga paraan ng pagpuri sa Dakilang Lumikha.




Ang pang-angkop na **na** ay ginagamit kapag ang nauunang salita ay nagtatapos sa katinig maliban sa letrang n.




A. Punan ng pang-angkop ang kahon upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. Ang tinapay ____ mainit ay masarap kainin.
2. Ayon sa PAG-ASA, malakas ____ ulan ang darating bukas.
3. Ang dilim at liwanag ____ likha ng Diyos ay sumasagisag sa araw at gabi.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Sa batis _____ malinis tayo maligo sa bakasyon.
5. Taimtim _____ pasasalamat ang ialay natin sa Dakilang Lumikha.

B. Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na parirala.
   1. ibon na umaawit
   2. kulisap na lumilipad
   3. dagat na maalon
   4. hangin na malakas
   5. tubig na malinis



**Basahin Natin**

## Mga Hulog ng Langit

Araw ng Lunes, hindi nakapasok sa eskuwelahan si Botong dahil sumakit ang kaniyang ngipin. Sinamahan siya ng ina upang magpatingin sa dentista.

"Magandang araw, Dr. Ben. Patitingnan ko po ang anak ko. Kagabi pa sumasakit ang kaniyang ngipin," wika ng ina.

"Sige, Misis, maupo kayo at ako na ang bahala sa anak ninyo," sagot ng dentista. Mayamaya ay may dumating pang tatlong magpapatingin sa dentista. Habang inaasikaso ng dentista si Botong ay naririnig niya ang usapan ng tatlo. "Mabuti at nagkakilala tayo, Atty. Lina Ruiz. Magpapatulong ako sa iyo tungkol sa aking lupa. Balak kong ipamigay ito sa mga mahihirap," wika ni Kap. Bong

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Legazpi, isang kapitan ng barangay.

"Walang anuman. Nakahanda akong tumulong sa nangangailangan," tugon ni Atty. Ruiz.

"Ako naman si Pastor Clark, bagong misyonaryo dito sa inyong lugar. Kap. Bong, maaari ba ninyo akong samahan sa inyong barangay upang tingnan at alamin kung sino ang mga dapat tulungan lalo na sa usapin ng pananampalataya?" wika ni Pastor Clark.

"Makaaasa kayo Pastor. Hayaan ninyo at ipakikilala ko kayo kay Mr. Roland Ocampo. Siya ang bihasa na umiikot sa ating lugar," sagot ni Kap. Bong.



"Balita ko maraming mahihirap dito sa barangay, Kap. Bong. Siguro mabuting humingi tayo ng tulong sa Kgg. na Pangulo ng Pilipinas para tayo matulungan," sabi ni Atty. Ruiz.

Sa edad na sampu ni Botong ay naisip niya na ang mga taong ito ay mga taong bigay ng Diyos upang tumulong sa kapwa. Mga hulog sila ng langit.

"Inay, mabubuting tao sila, hindi po ba?" tanong ni Botong sa ina.

"Oo, anak. Salamat sa Diyos at may mga taong katulad nila na nakahandang tumulong sa kapwa," paliwanag ng ina.

"Paglaki ko gusto ko ring tumulong sa aking kapwa," naisaloob ni Botong habang papalabas na sila sa klinika.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Bakit hindi nakapasok sa eskuwelahan si Botong?
- Sino-sino ang nasa loob ng klinika?
- Ano ang pinag-uusapan ng mga taong napakinggan ni Botong?
- Ano-ano sa tingin mo ang gawain o trabaho ng mga nag-uusap?
- Bakit sila mga hulog ng langit?
- Paano ka magiging hulog din ng langit sa iba?
- Ano ang napansin mo sa mga salitang makikita bago ang pangalan ng mga tauhang binanggit sa teksto?
- Paano isinusulat ang mga ito?
- Anong bantas ang ginagamit para rito?



## Pahalagahan Natin

Ang Panginoon ay kumakasangkapan ng ibang tao upang matulungan ang mga nangangailangan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Daglatin ang mga salitang may salungguhit.

1. Ginoong Arturo Valenzuela
2. Kapitan Emil Angeles
3. Kagalanggalang Marcelo San Mateo
4. Attorney Mario Belen
5. Ginang Marides Fernando
6. Heneral Emilio Aguinaldo
7. Counselor Mateo Urbina
8. Architect Manalo
9. Kagawad Allan Dimakulangan
10. Binibining Luisa Mitra




Isulat ang letra ng tamang dinaglat na salita mula sa Hanay B.

| | A | B |
|---|---|---|
| ______ | 1. Senador | a. Bb. |
| ______ | 2. Gobernador | b. Pang. |
| ______ | 3. Pangulo | c. Sen. |
| ______ | 4. Binibini | d. Dr. |
| ______ | 5. Doktor | e. Gob. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Ang **pagdadaglat** ay pagpapaikli ng mga salita. Ginagamit ang malaking letra sa simula ng salita at nagtatapos ito sa tuldok.




A. Gamitin sa pangungusap.
   1. Hen.
   2. Bb.
   3. G.
   4. Sen.
   5. Kgg.

B. Sumulat ng isang liham pangkaibigan at ikuwento ang mga taong hulog sa iyo ng langit.




Sumulat ng isang panalangin ng pasasalamat na may 3-5 pangungusap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 8 : Pag-ibig ng Diyos sa Tao at Bayan




Isulat sa sagutang papel ang **T** kung tama at **M** kung mali ang isinasaad ng pangungusap.

1. Ang pang-angkop na -g ay ginagamit kapag ang salitang sinundan nito ay nagtatapos sa katinig na n.
2. Sa mga salitang nagtatapos sa n, kinakaltas ang n at pinapalitan ng pang-angkop na -ng sa halip na -g.
3. Sa pagbuo ng talata, dapat malinaw at may pagkakaugnay-ugnay ang mga pangungusap at ideya.
4. Ang pagsusulat ay isang paraan ng pagpapahayag ng mensahe.
5. Nais kong bumalik sa bayang sinilangan.




## Ginintuang Butil


Buwan na ng Setyembre, kitang-kita ang mga ginintuang butil ng palay sa bukid ni Mang Zacarias. Ilang linggo na lamang at aanihin na ang mga ito.

Hindi biro ang pag-aalaga sa mga ito mula sa pagpapatubo ng mga punla, pagpapatubig, pag-aabono, at iba pa. Problema rin ang mga peste at laging pagdaan ng mga bagyo.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



Nalagpasan lahat ito ni Mang Zacarias kaya hindi maikukubli ang kaniyang katuwaan. Maganda ang maidudulot ng mga palay sa kaniyang pamilya at sa bansa. Matutustusan nito ang pangangailangan ng kanilang pamilya at ang pag-aaral ni Junior.

Malaking biyaya ng Diyos sa tao at sa bayan ang mga palay ni Mang Zacarias. Ang palay ang pangunahing pagkain ng mga tao sa bansa. Maiibsan nito ang kakulangan sa  bigas. Matutugunan nito ang gutom na nararanasan ng mga tao.



## Sagutin Natin

- Ano ang gintong butil?
- Ano-ano ang pinagdaanan ni Mang Zacarias upang magkaroon ng magandang ani ng palay?
- Ano naman ang mga suliranin na kinahaharap ng isang tulad ni Mang Zacarias?
- Ano ang bunga ng kasipagan ni Mang Zacarias?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Ang kalikasan ay biyaya ng Diyos sa tao at sa bayan.

## Gawin Natin

A. Itala ang mga impormasyon na natutuhan sa tekstong binasa at pinakinggan.
B. Isaayos ang mga itinala. Ihanda ito upang maipakita sa mga kaklase.

## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Maglahad ng impormasyong napanood sa telebisyon, nasaksihan o napakinggan tungkol sa mga magsasaka.

Ikalawang Pangkat – Magkuwento tungkol sa nabasa o narinig na balita tungkol sa mga palayang sinalanta ng bagyo o peste.

Ikatlong Pangkat – Magtala ng mga paraan kung papaano pangangalagaan ang pananim ng mga magsasaka.

Ikaapat na Pangkat – Magtala ng mga pamamaraan kung papaano pahahalagahan ang kanin at iba pang pagkain na mula sa palay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang **pagtatala** ng mga impormasyon buhat sa napakinggan o nabasa ay isang paraan upang higit itong maunawaan at maisalaysay muli nang maayos.



## Linangin Natin

A. Makinig sa babasahin ng guro. Itala ang mga mahahalagang impormasyon mula rito. Ibahagi ito sa mga kaklase.

B. Basahin ang seleksiyon at itala ang mga mahahalagang impormasyon mula rito.

Ang mga Ifugao ay sumasangguni sa kanilang mga anito bago magtanim ng palay. Gayundin ginagawa nila ito bago isagawa ang anihan. Nag-aalay naman sila ng pagpapasalamat kapag natapos na ang pag-ani. Isa ang seremonyang Canao sa kanilang ginagawang pagsangguni sa kanilang mga anito o kinikilalang Diyos ng kalikasan.


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Hello Pilipinas! Hello Buong Mundo!



Dear **diary**,

Parang kailan lang, mahirap pa ang pakikipag-ugnayan sa isa't isa ng mga Pilipino dahil sa layo ng pagitan ng mga pulo. Subalit dahil sa telepono, **cellphone**, **computer**, **internet**, at iba pa ay napakadali na ng komunikasyon sa isa't isa maging nasa iba't ibang panig man sila ng mundo.

Ang mga magulang na nasa probinsiya ay madaling nakapagpapadala ng pera sa mga anak na nag-aaral sa Maynila o sa ibang lugar.

Ang mga OFW ay nababawasan ang pangungulila kahit papaano dahil sa mga teknolohiyang ito.

Ang pagnenegosyo ay mas naging madali dahil sa **internet** at **computer**.

Ang pananaliksik ay mas naging magaan at mabilis dahil sa mga ito.

Ang pangangaral ng salita ng Diyos ay naidadaan na rin sa pamamagitan ng **internet**.

DEPED CO



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Napakalaki na talaga ng iniunlad ng Pilipinas kasabay ng pag-unlad ng buong mundo. Ito ang mga pangyayaring nasaksihan ko bilang isang batang mag-aaral mula sa probinsiya na ngayon ay nag-aaral sa isang pampublikong paaralan dito sa Maynila.

Sabi ng Tatay ko, kung ang kalikasan ay biyayang galing sa Diyos, ang mga makabagong teknolohiya rin ay maituturing na biyaya mula sa Maykapal.

Nagmamahal,
Ruby



## Sagutin Natin

- Anong uri ng akda ang binasa?
- Ano ang **diary**?
- Sino ang sumulat ng **diary**?
- Ano-ano ang isinulat niya sa **diary**?
- Paano pinaghambing ang pamumuhay noon at ngayon?
- Paano nakatutulong ang teknolohiya sa pamumuhay ng mga tao?
- Anong mga impormasyon ang nakuha mo sa **diary**?



## Pahalagahan Natin

Ang makabagong teknolohiya ay nakatutulong upang maging maginhawa ang ating pamumuhay.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



## Gawin Natin

A. Pumili ng isang pangyayari sa mga nabanggit sa **diary**. Iguhit ito.

B. Magbahagi ng isang pangyayari na nasaksihan sa iyong pamayanan.



## Sanayin Natin

Sumulat ng isang talata tungkol sa ginagawa ng iyong pamilya tuwing araw ng Linggo.



## Tandaan Natin

> Ang mga pangungusap sa isang talata ay dapat may pagkakaugnay-ugnay sa bawat isa. Ito rin ay may isang **paksa** o **ideya**.
>
> Ang panibagong ideya o kaisipan ay ilalagay na sa susunod na talata.



## Linangin Natin

Sumulat ng isang talata tungkol sa isang pangyayari na nasaksihan sa loob ng paaralan.

DepEd COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Nasaan ang Biyaya ng Tag-ulan?



Noong araw, ang tag-ulan ay madalas na pinapangarap ng mga tao lalo na ng mga magsasaka. Ang tag-ulan para sa kanila ay may hatid na biyaya tulad ng pag-usbong ng mga pananim, pamumunga ng mga halaman, magandang pakiramdam, at iba pa.

Ngunit sa panahong ito, tila may dalang pangamba at takot ang tag-ulan sa marami.

Ang matinding pag-ulan ngayon ay nagbubunga ng kalungkutan sa maraming tao dahil na rin sa mga kabahayang lubog sa tubig baha, pagguho ng lupa, palayang sira, palaisdaang nasira, ari-ariang nawala, mga sakit, at maging pagkawala ng buhay.



May biyaya ba talagang dala ang ulan?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Paghambingin ang dulot ng ulan noong araw at sa ngayon.
- Ano-anong damdamin ang dala ng tag-ulan noon? Ngayon?
- Bakit kaya nagkaroon ng takot at pangamba ang mga tao sa tag-ulan?
- Pansinin ang mga salitang may salungguhit. Ano ang napansin mo sa hulihang letra ng bawat salita?



## Pahalagahan Natin

Pangalagaan ang ating kalikasan upang **global warming** ay mapaglabanan.



## Gawin Natin

Tukuyin ang pang-angkop na ginamit sa bawat parirala. Gamitin ang mga ito sa sariling pangungusap.

1. impormasyong makatotohanan
2. kapaligirang malinis
3. pangalang mahaba
4. suriing mabuti
5. kaning mainit

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Sumulat ng anim na parirala na may pang-angkop

Ikalawang Pangkat – Sumulat ng limang pangungusap na may pang-angkop

Ikatlong Pangkat – Sumulat ng talata na may pang-angkop



## Tandaan Natin

Ang **-g** ay ginagamit kapag nagtatapos sa letrang <u>n</u> ang salitang iuugnay sa tinuturingan.



## Linangin Natin

A. Punan ng wastong pang-angkop ang sumusunod.

1. Ang sanggunian__ ginamit ko ay maayos.
2. Basahin__ mabuti ang seleksiyon.
3. Sikapin_ alagaan an gating kalikasan.
4. Ang pantalon__ binili ni Ariel kay Iya ay malaki.
5. Naintindihan__ mabuti ni Christian ang aralin.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

6. Ang pangkatan__ gawain ay laging pinamumunuan ni Tony.
7. Huwag nating pagbawalan ang mga bata__ maglaro.
8. Ang mga bayan__ narating ko ay malilinis.
9. Ang kuwento__ tinalakay namin ay maganda.
10. Ang bansa__ ito ay mahal ko.

B. Ipaliwanag kung paano ginamit ang pang-angkop sa sumusunod na parirala. Pagkatapos, ay gamitin ang mga ito sa sariling pangungusap.

1. subuking tapusin
2. sanaying bumasa
3. kahong munti
4. minsang nadapa
5. mayamang mabait







Panay basura ang laman ng bag ni Romeo. Nagalit ang kaniyang tatay kaya itinapon niya ang mga basura sa kalye.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



Tuwing araw ng Lunes, maagang pumapasok ang mga bata upang makiisa sa **flag ceremony** na tanda ng pagpapahalaga sa bandila ng Pilipinas.



Bilang tanda ng paggalang at pagmamahal sa magulang, laging sinusunod ni Bryan ang kaniyang nanay.

## Sagutin Natin

- Ano ang mensahe ng bawat larawan?
- Magkaugnay ba ang mga pangungusap at ang larawan sa tapat nito?
- Katulad ka rin ba ng mga bata sa bawat larawan? Paano mo nasabi?
- Sino ang dapat tularan? Hindi dapat tularan?

## Pahalagahan Natin

Pangalagaan ang kalikasan.
Igalang ang mga sagisag at simbolo ng ating bansa.
Igalang at sundin ang mga magulang.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Gawin Natin

Sabihin ang mensahe ng bawat larawan.


1




2



3



4



## Sanayin Natin

Ano ang nais mong sabihin sa kanila? Isulat ang mensahe sa iyong sagutang papel.

1. mga batang ulilang lubos
2. mga magulang na sinasaktan ang mga anak
3. mga batang sumasali sa usapan ng matatanda
4. mga batang huwaran sa klase
5. mga gurong matiyaga at masipag magturo

DepEd COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang pagbibigay ng mensahe ay maaaring gawin sa paraang **pasulat** at **pasalita**.

Sa pagbibigay nito, kailangang maging malinaw ang pagpapahayag nito. Gumamit ng mga salitang nauunawaan ng lahat.

Kung ito naman ay sa paraang **pagguhit**, siguraduhing malinaw at malinis ang pagkakagawa ng larawan.



## Linangin Natin

Ikaw ay naatasan na magbigay ng mensahe sa darating na "Araw ng Pagkilala" sa mga batang may karangalan sa paaralan. Isulat ang iyong mensahe.



## Sulatin Natin

Gumawa ng isang talaan ng iyong mga pang-araw-araw na gawain sa paaralan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 9 : Buhay at Kalikasan: Pahalagahan




Ano ang tinutukoy ng bawat pangungusap sa ibaba? Piliin ang letra ng iyong sagot.

a. haleman
b. punasan ng basang bimpo
c. ika'y
d. ay magandang bata
e. si Maria
f. **internet**
g. isa't isa
h. **kontraksiyon**
i. simuno
j. panaguri

1. Ang paksa ng pangungusap ay tinatawag din na ________________.
2. Ang nagsasabi tungkol sa paksa ng pangungusap ay ______________.
3. Ang tawag sa mga salitang pinagsama upang umikli ay _______________.
4. Isang halimbawa ng mga salitang pinagsama upang umikli ay ________________.
5. Isa sa mga halimbawa ng mga **electronic resource** na magagamit sa pag-aaral ay ang __________.
6. "Si Maria ay magandang bata." Ang simuno sa pangungusap ay ___________ .

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

7. Ang panaguri sa pangungusap sa bilang 6 ay ____________________.
8. “Ika’y aking minamahal na kapatid.” Ang kontraksiyon sa pangungusap ay __________.
9. Ang maaaring solusyon sa mataas na lagnat ay ____________
10. Ang salitang may maling baybay ay __________.




## Pangalawang Buhay nina Otoy at Tinay



Noong nakaraang taon, si Otoy ay naging biktima ng paputok. Nakapulot kasi siya ng pla-pla na akala niya ay walang sindi. Sabog ang kaniyang kanang kamay kaya kinailangang putulin.

Ang nakalulungkot, kumalat ang impeksiyon dala ng pulbura kaya nag-agaw-buhay si Otoy. Abot ang dasal ng ina ni Otoy na si Aling Dory.

Sa ospital, nakasama ni Otoy sa silid ang batang si Tinay. Si Tinay ay biktima ng ligaw na bala na dumaplis sa kaniyang ulo. Maraming dugo ang nawala sa kaniya kaya muntik na rin siyang bawian ng buhay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



Ligtas na sa kamatayan si Tinay ngunit hindi pa rin matanggap ni Aling Nena ang nangyari sa kaniya. Sinisisi niya ang nagpaputok ng baril nang nakaraang Bagong Taon. Ngunit hindi pa naman matukoy kung sino ang nagpaputok ng baril.

Ligtas na rin si Otoy sa kamatayan. Masaya na rin ang kaniyang inay at naipangako sa sarili na gagabayan ang anak at hinding-hindi na niya ito papayagang humawak ng paputok.

Pumasok si Dr. Rosales sa silid nina Otoy at Tinay. Sinuri at pinainom sila ng gamot para tuluyang gumaling.

Nagpasalamat sina Aling Dory at Aling Nena sa pag-aalaga ng doktor sa kani-kanilang anak. Pinaalalahan naman ng doktor ang mag-iina na mag-ingat na sa susunod para hindi mapahamak.

Napadaing din sila sa doktor na sana ay magkaroon na ng batas upang maging mas mahigpit ang pamahalaan sa mga taong may hawak ng baril lalo na sa mga araw na may pagdiriwang sa isang lugar. Nahiling din nila ang pagpapatupad ng batas para sa mahigpit na pagbabantay sa mga nagbebenta ng mga paputok tuwing sasapit ang Bagong Taon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Makalipas ang dalawang araw ay nakauwi na sina Otoy at Tinay. Sa piling ng kanilang mga magulang ay kapwa nila pinahalagahan ang kanilang ikalawang buhay na bigay ng Maykapal.




- Ano ang nangyari kina Otoy at Tinay?
- Ano ang mga damdamin sa teksto?
- Ilarawan ang mga tauhan sa teksto.
- Ano ang mga suliranin sa teksto?
- Ano ang solusyon na iminungkahi sa suliraning nabanggit?
- Ano-ano ang suliranin sa tuwing sasapit ang Bagong Taon?
- Paano kaya ito mabibigyan ng solusyon?
- Paano pahahalagahan ang buhay ng tao?
- Magbigay ng sariling wakas sa binasang teksto.




Ang buhay ay mahalaga kaya dapat itong pag-ingatan, igalang, at mahalin.




A. Bigyan ng solusyon ang sumusunod na suliranin.

1. Maraming mga bata ang tinamaan ng sakit na **dengue**.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Nadapa si Manuel at dumugo ang kaniyang tuhod.
3. Napaso si Bolet nang hindi sinasadyang maidikit niya ang kaniyang braso sa mainit na kawali.
4. Nahulog sa putikan ang bagong damit ni Lito.
5. Nagugutom na si bunso, dahil hindi pa dumarating si Nanay.

B. Pagsamahin ang mga salita sa bawat pangungusap na maaaring paikliin.

1. Siya ay nahihiyang humarap sa mga bisita.
2. Ang bayan ay naghihintay ng bagong bayani.
3. Ako at ikaw ay kapwa nilikha ng Diyos.
4. Kayo at kayo rin ang magkakasama kaya magtulungan kayo.
5. Ang pagbibiro kung minsan ay hindi nakabubuti.




Una at Ikalawang Pangkat – Sumipi sa magasin ng 10 pangungusap na ginamitan ng kontraksiyon.

Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Magbigay ng tatlong suliranin sa pamilya at bigyan ito ng solusyon.

Ikalimang Pangkat – Sumipi mula sa aklat ng 10 halimbawa ng mga salitang ginamitan ng kontraksiyon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang **kontraksiyon** ay isang paraan ng pagpapaikli ng dalawang salitang pinagsama.

Ginagamitan ito ng bantas na **kudlit** (**’**) na sumisimbolo sa nawalang letra.



## Linangin Natin

A. Lagyan ng bituin (☆) ang pangungusap na nagbibigay ng solusyon at lagyan ng krus (+) ang pangungusap na nagpapahayag ng suliranin.

____1. Ipinagbawal ang pagpapaputok ng baril sa Bagong Taon.
____2. Dumarami ang palaboy sa lansangan.
____3. Nag-aral siya nang mabuti kaya nakatapos ng pag-aaral.
____4. Dalawang oras lamang ang panonood ng telebisyon.
____5. Nagtanim ng maraming puno sa mga bakanteng lote.

B. Bumuo ng limang pangungusap na ginagamitan ng kontraksiyon.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

### Paniningil ng Kalikasan

Maraming tao ang nagpapabaya sa kapaligiran. Marami na rin ang umaabuso sa ating kalikasan. At dahil dito, marami na rin ang nasawi dahil sa paniningil ng kalikasan.



Madalas marinig sa radyo at telebisyon at mabasa sa mga pahayagan ang mga nasawi dahil sa iba't ibang sakuna tulad ng pagguho ng lupa, paglindol, at higit sa lahat, ang madalas na pagbaha dulot ng malakas na pag-ulan sa iba't ibang panig ng bansa. Ito ay maaari ding isisi sa walang humpay na pagputol ng puno sa kabundukan at sa kapaligiran.

Ang sabi ng marami, pinarurusahan daw tayo ng Panginoon. Ang sabi naman ng ilan, gumaganti lamang ang kalikasan sa mga taong nagpabaya at hindi nagpahalaga sa kapaligiran.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ayon naman sa isang tagapagbalita sa radyo, alin man sa dalawang paniniwala ay may katuwiran. Una'y maaaring ganti nga ito ng kalikasan. Ang mga mali nating ginawa sa kalikasan ay bumabalik sa atin.



Ang ikalawa'y maaaring nagagalit ang Diyos sa tao dahil pinabayaan natin ang magandang kalikasan na Kaniyang bigay. Inabuso natin at hindi inalagaan. Maaaring ang mga kalamidad na dumarating sa tao ay pagpapaalala ng Panginoon upang tayo'y magbago.

Hindi pa huli ang lahat. Bata ka man, o kung sino ka man ay may magagawa ka para pangalagaan ang kalikasang regalo ng Diyos.




- Tungkol saan ang binasa?
- Ano-ano ang suliraning tinalakay rito?
- Ano ang epekto nito sa kalikasan? Sa kabuhayan ng mga tao? Sa mga tao?
- Ano ang mga dahilan at nakararanas ng mga kalamidad?
- Paano mo pangangalagaan ang ating kalikasan?
- Paano mo mahihikayat ang ibang bata na pangalagaan ang ating kalikasan?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Ang kalikasan ay tulad ng buhay na dapat ingatan at pahalagahan dahil kung masisira ang kalikasan, masisira rin ang ating buhay.



## Gawin Natin

Gumawa ng isang poster tungkol  sa pangangalaga ng kalikasan.



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Isadula ang mga ideya na nasa teksto.

Ikalawang Pangkat – Isadula kung bakit maraming suliranin ang mg tao dulot ng kalamidad

Ikatlong Pangkat – Isadula ang mga paraan kung paano mapapangalagaan ang kalikasan



## Tandaan Natin

- Ang pakikilahok sa talakayan ay magiging daan upang tayo ay umunlad. Subukang lumahok sa mga gawain tulad  ng sabayang pagbigkas at dula-dulaan para umunlad ang kakayahan.
- Sa pagbasa ay kailangang alam at tukoy natin ang mga dahilan kung bakit natin babasahin ang isang akda o aklat upang makatugon ito sa ating pangangailangan.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


## Linangin Natin

A. Ibigay ang kaisipan o ideya sa mga sitwasyong nasa larawan.


1




2



3



4



## Basahin Natin

### Digital Daw! Ano Iyon?




Araw ng Lunes. Umawit ang lahat sa paaralan ng "Lupang Hinirang." Itinaas ng mga batang iskawt ang bandila. Sumayaw ang ilang bata mula sa ikaanim na baitang.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sa dakong huli, nagsalita ang punong guro na si Gng. Lulu Perez.




"Dapat matuto tayong gumamit ng **digital** na kasangkapan. Bahagi ito ng kampanya ng DepEd sa **Digital Literacy** sa bansa," pahayag ni Gng. Perez.

"**Digital** daw! Ano 'yon?" tanong ng maraming bata sa kanilang isipan. Bago ang salitang ito sa kanila. Hindi ito naging lingid sa kaalaman ng guro na si Bb. Rose Demalgen.

Sa loob ng klase, ipinaliwanag ni Bb. Demalgen ang ibig sabihin ng **digital** na kasangkapan.

"Ang **digital** na kasangkapan ay mga gamit na makabago. Ilan sa halimbawa nito ay **computer**, **laptop**, **cellphone**, at iba pa. Dapat matuto tayong gumamit ng mga ito dahil umuunlad ang ating lipunan at nagiging bahagi na ito ng ating pang-araw-araw na pamumuhay," paliwanag ng guro.



"Halimbawa, sa pagsasagawa natin ng isang pananaliksik tungkol sa iba't ibang paraan ng pangangalaga ng kalikasan, magagamit natin ang **internet** para makakuha ng impormasyon at kaalaman," dagdag ni Bb. Demalgen.

"Ngayon, handa na ba kayo, mga bata? Mag-aaral tayo ng paggamit ng **digital** na kasangkapan!" masayang wika ni Bb. Demalgen.

"Opo, Ma'am. Nakahanda na po!" ang sagot ng mga bata.



DepEd COPY
All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Saan unang narinig ng mga bata ang salitang **digital**?
- Ano ang ibig sabihin nito?
- Ano ang **digital literacy**?
- Bakit kailangang marunong tayong gumamit ng mga kagamitan at kasangkapan na **digital**?
- Ano ang mga kagamitan at kasangkapang **digital**?
- Paano nakatutulong ang makabagong teknolohiya sa buhay ng mga tao?
- Suriin ang mga pangungusap na may salungguhit.
- Alin dito ang simuno?
- Alin ang panaguri?



## Pahalagahan Natin

Ang mga makabagong kasangkapan ay nakatutulong sa pagpapadali ng mga gawain.


DEPED COPY





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.






A. Isulat kung **digital** o hindi **digital** ang mga sumusunod na larawan.


1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

6. 

DEPED COPY

B. Sipiin ang mga pangungusap sa kuwaderno. Salunguhitan ang paksa o simuno at ikahon naman ang panaguri.

1. Nagsasalita si Monette.
2. Tumatakbo sa dalampasigan si Jake.
3. Si Ninang Fe ay nagdidilig ng mga halaman.
4. Naglalaro ng **computer** sina Rick at Ding.
5. Masyadong mainit ang sikat ng araw.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Una at Ikalawang Pangkat – Sumulat ng payak na pangungusap tungkol sa mga **digital** na kasangkapan na makikita sa silid-aklatan.

Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Iguhit at ilarawan ang isang **digital** na kasangkapan o kagamitan na nais mong maimbento. Ipaliwanag kung bakit nais mo ito.




- Ang **simuno** o **paksa** ay ang pinag-uusapan sa isang pangungusap. Ang **panaguri** naman ay ang bahaging nagsasabi tungkol sa paksa o simuno.
- Dahil sa pag-unlad ng lipunan at sa mabilis na pagbabago dala ng teknolohiya, kailangan nating matutong gumamit ng mga bagay na **digital** tulad ng **computer**, **cellphone**, **digital** na kamera, at iba pa. Ang kaalaman sa paggamit nito ay tinatawag na **digital literacy.**




Lagyan ng ☺ ang bilang na may simuno at panaguri. Lagyan ng panandang ☹ ang bilang na walang simuno at panaguri.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

1. Aray! Masakit!
2. Si Barron ay masunuring bata.
3. Sina Lolly at Bing ay magaling umawit.
4. Matataba ang mga baboy sa kulungan.
5. Ano? Bakit?



## Basahin Natin

Roly, pakinggan mong mabuti ang aking ididikta. Isulat ito sa kuwaderno. Titingnan ko kung masusundan mo ang sinasabi ko.

Opo, Sir. Handa na po akong magsulat. Dahan-dahan lang po sana kung maaari.



Pagkalipas ng ilang sandal…

Wow! Ang galing mo Roly, nasundan mo ang aking idinikta. Natutuwa ako sa iyo at nagawa mo pa ito sa paraang kabit-kabit. Binabati kita.

Maraming salamat po, Sir. Nagawa ko po iyan kasi magaling din po kayong magturo. Matutuwa po sina Inay at Itay. Ipakikita ko po ang sinulat ko.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano ang gawain ni Roly sa kanilang silid-aralan?
- Nakasunod ba siya sa sinabi ng guro?
- Paano siya nakasunod?
- Bakit pinuri ng guro si Roly?
- Ano ang gagawin ni Roly sa kaniyang sinulat?
- Dapat bang tularan si Roly?



## Pahalagahan Natin

Ang batang masunurin sa panuto ay nagiging maayos at tama ang mga gawain.



## Gawin Natin

Isulat ang mga salita at pangungusap na ididikta ng guro.



## Sanayin Natin

Humanap ng kapareha. Magdikta sa kapareha ng isang pangungusap. Tingnan kung tama ito. Magpalitan ng papel at tingnan kung tama ang pagkakasulat ng kapareha.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Upang maisulat nang wasto ang mga salitang idinididikta ng guro, kailangang makinig nang mabuti. Ulitin sa sarili ang salitang idinikta at isulat nang maayos at nang may wastong baybay.



## Linangin Natin

Isulat ang mga salita at pangungusap na ididikta ng guro.



## Sulatin Natin

Gumawa ng isang liham pangkaibigan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.